

**PROPOSED ZAMBALES FERRO-NICKEL PLANT AND
MINING PROJECT OF
WESTCHINAMIN CORPORATION**

Candelaria Multipurpose Gym (Covered Court), Candelaria,
Zambales

20 September 2018

Program

PUBLIC HEARING PROGRAM

**PROPOSED WESTCHINAMIN ZAMBALES FERRO-NICKEL PLANT
AND MINING EXPANSION PROJECT IN MUNICIPALITY OF
CANDELARIA AND STA. CRUZ, ZAMBALES**

Candelaria Multipurpose Gym (Covered Court), Candelaria, Zambales
20 September 2018

TIME	PROGRAM OF ACTIVITIES
8:00 – 9:00 AM	Registration
9:00 – 9:45 AM	Invocation & National Anthem (5min)
	Welcome Address (15 min)
	Opening Remarks(15 min)
	Briefing and Orientation on the purpose of the Public Hearing (10 min)
9:45 – 10:15 AM	Brief presentation on the project description including alternatives
	Presentation of the EIA Study Process and Results
10:15 – 12:15 AM	Open Forum
12:15 – 1:00 PM	Lunch
1:00 – 2:00 PM	Open Forum (continuation)
2:00 – 3:00 PM	Recapitulation of issues raised and the proponent's response
	Next Steps

Summary of Issues and Concerns Raised

ISSUES	RESPOND
Dr. Benito Molino: Para po sa kaalaman ng lahat, ang kanilang permiso noon ay rehabilitation dahil hindi sila makakuha ng permit. Small scale. Kailangan daw kasing tanggalin ang nickel para marehab so kung ang kanilang permiso ay rehab hindi na nila ibaba ang stockpile. Anong ginawa ng MGB inorderan ang local government ng Zambales para ibaba ang mga stockpile daw. Kinontrata ni Deloso ang WestChinaMin na ibaba ang stockpile at aariin ng WestChinaMin ang stockpile na illegal nilang inistock. Pangalawa ang mga mining ngayon ng WestChinaMin ay panay watershed. Alam ba niyo, kung ano ang watershed, walang anuman dami ng punong kahoy ang pwedeng palitan ang watershed because watershed is a watershed. Anong nangyari diyan sa Sta. Cruz minina ng apat na mining companies pang lima ang WestChinaMin kasi mayroon silang mining site sa Guinabon. Watershed din po yun, so anong nangyari sa Sta. Cruz? Ngayon yung dalawang libong hektarya wala ng tubig, dalawang barangay na lang ang pwedeng magtanim ngayon at magkaaway pa ang dalawang barangay alam naman nating lahat na ang tubig ay napakahalaga, ang tubig ay buhay, ang bundok natin ay buhay, dagdag pa alam naman natin ang global warming.	Mr. Antonio Marfori: Sasagutin ko lang po si kay Dr. Molino, unang una po doon po sa kanyang sinabing na ang WestChinaMin ay nagmimina. Ang WestChinaMin po...ako po kasi kinausap lang ni Governor Deloso, na maglinis doon sa mga small scale, mula doon sa Botolan, Iba, hanggang sa Masinloc at hanggang sa Candelaria. So, ginawa nila ako ng kontrata ng paglilinis ng mga dating small scale na iniwanan lang 'yong stockpile at ang aking kontrata sa kanila ay ang rehabilitation. Syempre, kapag i-rehabilitate mo 'yong mga stockpile, ibababa mo dahil 'yon ay bumaba 'yan at 'yon ang nagsasanhi ng impact. Sa dami nga ng reklamo no'n, ini-stop muna nila at naibaba na ang stockpile. So, ang nangyari ngayon nakatiwangwang ngayon, dahil binawalan nila akong ibaba 'yong stockpile, so gagawa pa raw sila ng guidelines. Mabuti, kapag ka gumawa kami ng model dito, kayo mismo ang magbantay, ito 'yong gagawin namin, kayo mismo, ito ba ay tama o mali, kapag ka mali, edi 'wag natin ituloy, kapag ka tama, edi ituloy natin. Kaya nga si Mayor, siya mismo nagsabi na kapag itong plantang ito ay magbibigay ng polusyon na hindi tama sa environment, siya mismo ang mangunguna, ipasasara ang planta. Kaya nga itong plantang ito, kauna-unahan sa Pilipinas, toxic free, zero waste, hindi pa nga ito naitatayo, krini-criticize niyo na. Kaya nga inimbata ko 'yong ating mga scientists, ito 'yong mga experts, para magpaliwanag, nakita niyo naman pinag-aralan nila 'yong hangin, 'yong sa lupa, lahat nandito na, inisa-isa nila para pag-aralan nila kung anong magiging epekto kapag itinayo 'yong planta.

ISSUES	RESPOND
	Itong planta natin walang tubig na iniisip ninyo na pupunta sa dagat, itong planta natin recycle ang tubig nito, 'yong sa cooling system.
Pastor Edgardo: Shine-share lang po namin 'yong pangit na nangyari sa Sta. Cruz, na ayaw sana namin mangyari sa Candelaria. Ang katotohanan lang po, mga minamahal, napakaganda ng pagmimina. Sabi nga sa iprinisenta kanina, napakaganda po n'yan. Kung pinakinggan po natin 'yong nag-present, wala pong problema sa pagmimina. Pero kung titingnan po natin, ibase po natin sa Philippine Mining Act, kulang pa po 'yong kanilnag nakalagay doon. Ang sabi po sa Philippine Mining Act, isa po sa general principle, ang sabi po doon, mining activity shall be done effectively and efficiently safeguards the environment. May dalawang adjectives na ginamit para i-define kung paano natin gagawin ang pagmimina, ang sabi po doon, effectively and efficiently safeguards the environment. So, alam n'yo po, nakakalungkot batas po 'yan, kaya nga po ano ang nangyari sa Sta.Cruz, Zambales? Pati na kayo po dito sa Candelaria, Zambales. Alam n'yo po, 'yong kalsada pong 'yan, hindi po dapat 'yan daanan ng mining trucks, gagawa sila ng kanilang sariling daanan papunta sa kanilang mga pier, pero kayo rin po ay naperwisyo dito. Ang gusto ko pong sabihin, pwede po natin payagan kung marunong na tayong sumunod sa batas.	Mayor Napoleon Edquid: Bakit natin hindi na muna tingan, ito ang kauna-unahang teknolohiya na hindi makakasira ng kalikasan. Ang ipinapangako ko naman sa inyo mga kababayan ko, kapag ito mamaya nag-operate ay makikita natin nagkakamali siya, ako mismo ang mamumuno sa pagaklas na ipasara ang planta.. Nandito ang mga DENR, nandito ang mga MGB, sana ipapahinto nila ito. Kapag iginigiit ninyo ang Sta. Cruz wala na tayong pag-uusapan, hindi tayo matatapos.
Mr. Siboheto Diaz: Kung nababasa ninyo sa social media, isa rin po ako sa nagpro-pro sa responsible mining. Alam po ninyo, sasabihin ko na lang po, ang minahan sa Sta. Cruz ay talang mali. Isa po ako sa mga sumusuporta ng laban sa Sta. Cruz. Ang laban po ay hindi sa Candelaria, ang laban ay nasa Sta. Cruz. Dito sa Candelaria, magbibigay po ng trabaho sa inyo at nangangako	Mr. Antonio Marfori: Kapag itong model ay hindi nakapasa sa inyo, inayawan ninyo, ihinto natin, 'wag natin ituloy. Kayo mismo ang maghuhusga kung itong gagawin namin ay tama o mali, kasi hindi pa naman tayo magmimina, magkakaroon muna tayo model, 'yong maliit. Para sa gano'n, ang magdedesisyon nito ay kayo rin na mga taga Candelaria hindi ibang mga taga Sta. Cruz, dahil

ISSUES	RESPOND
naman din po sila na kapag ito'y mali, ititigil. Ako po mismo, gagastusin po namin ang pera namin para ipatigil 'yan, pero kayo hindi po kayo dapat maging magsasaka lang, hindi po kayo dapat maging nabubuhay sa dagat, dahil 'yong mga anak ninyo kailangan makapag-aral at magkaroon ng trabaho. Gusto ba ninyo na ganyan na lang ang buhay ninyo? Sige po, magsalita po kayo ngayon, dahil inimbitahan po kayo ngayon dito para magsalita. Ang laban po natin sa illegal at sa irresponsible mining ay ang Sta. Cruz, hindi po ito sa programa ng Candelaria. Salamat po.	kayo ang maaapektuhan nito hindi sa Sta. Cruz. 'Yong sa Sta. Cruz nangyari na, wala na tayong magagawa doon at hindi naman kami involve doon.
Fr. Roque Villanueva: May dalawang concerns lang ako. Una, ano ba ang sakop no'ng 100...kung gaanong kalaking hectares no'n? Mula Uacon ba 'yan hanggang Pinagrealan?	Mr. Antonio Marfori: 'Yong nakikita ninyong marking, i-dri-drilling muna na natin 'yan, para makita natin kung na saan ang ore body ng nickel. Pagkatapos, titingan natin 'yong contour at tsaka gagawan natin siya ng mga 3x5 meters 'yong design. Pagkatapos po, Father, after that 'yong simultaneously na 'yon, i-re-rehabilitate po natin. Tataniman po ng adaptable sa soil. Ipapa-test natin 'yong soil kung adaptable ba sa mangga, kung kamoteng kahoy, edi kamoteng kahoy. So, ngayon mayroon siyang drainage, pagkatapos po doon sa drainage pupunta po siya sa settling pond. 'yong settling pond na po na 'yon ay mayroon po s'yang spillway kung tawagin, para hindi siya...kapag napuno na 'yong tubig lilipat naman siya sa kabilang settling pond tapos sa susunod na ulit na settling pond. So, ito lahat mayroon po itong filter cloth, ibig sabihin po no'n na-fi-filter, naiiwan dito 'yong tubig kaya ang tubig po ay lumilinis, pero puro mga bato 'yong mga naka-line up po. Pagkatpos po no'n, 'yong pangatlong settling pond, malinis linis na po 'yong tubig bago po natin papuntahin sa creek. Kaya po no'ng tinanong ako ni Presidente, sabi niya you have to treat the water before going to the creek, 'yong po 'yong pinaliwanag

ISSUES	RESPOND
	ko kay Mr. Presidente. Tapos po 'yong tubig na 'yan, para mabuhay ang ating mga punong kahoy, dahil naka-watery fountain po siya. 'yon po 'yong ipangdidilig natin sa mga halaman, dahil po kasing mahirap po kasing iakyat 'yong tubig. Salamat po.
Fr. Roque Villanueva: Salamat po. Pangalawa po, may suggestion lang po, Mayor. Pareho tayong nagmamahal sa Candelaria, may posibilidad po ba, kasi mayroon pong National Office ang simbahan para sa ganitong mga concerns, pwede ho kayang maimbitahan sila para makakita na...it could be in favor or it could be na other options para sa mga taga Candelaria. Si Fr. Edu Gariguez , siya po 'yong head ng National Association ng social acitivities. Baka pwedeng magsalita sa inyo at tingnan 'yong other scientific studies as regarding this kind of mining, suggestion lang po 'yon, hindi naman po kailangan sagutin. Baka pwedeng bigyan ninyo ng panahon na makapagsalita at pag-aralan ng mas malawak itong mining. So, wala pong sagot doon, suggestion po 'yong pangalawa. Maraming salamat po, God bless you.	
Sister Marian: Unang tanong po, bakit po ba talaga kailangan magmina? Kailangan po ba talaga ang pagmina? Ang sabi niyo po kanina, trabaho, progreso – given. Tapos, binanggit ninyo kanina ang sabi mayaman ang Candelaria. Kung mayaman po ang Candelaria, pagmimina lang po ba ang pwedeng maging susi at magbukas ng daan sa progreso?	Mayor Napoleon Edquid: Ako na po ang sasagot. Alam niyo po, Sister, marami rin ano pero ito ang nakikita namin na magiging progresibo talaga ang Candelaria. Pero marami po tayong mga livelihood na ipinapatupad na mga project ngayon na magaangat ng ating kababayan at pamahalaan. Bakit hindi po natin subukan na hindi naman pala makakasira ng kalikasan. Ang ipinapangako ko po, kapag ito ang nangyari na ito pala ay nakakasira ng kalikasan, sinasabi ko sa inyo, paulit ulit, kahit kanyon ay susugurin ko, haharapin ko, ako ang mamumuno para ipatigil ang proyektong ito. Paulit ulit po tayo d'yan hindi tayo matatapos.

ISSUES	RESPOND
Ms. Lolita Jimenez: Nais ko lang pong ipaabot ang pangamba ng aking mga ka-barangay at gano'n din po ako. Nangangamba po kami sa maaaring mangyari dahil minsan na pong binungkal ang kabundukan ng Uacon. Bakit po sa napakaikling panahon na pagmimina nila doon, hindi nila inayos, nagkaroon sana kami ng tiwala sa kanila. Paano po namin maibabalik ang tiwala kung sa maikling panahon ng pagmimina nila sa tapat ng Uacon ay hindi nila inayos. Nakasaad sa Philippine Mining Act na dapat inaayos ang mga tinanggal nila, ni-re-rehabilitate nila, subalit hanggang ngayon po nakatiwangwang pa rin sila. At sino po ba kami para tumanggi sa progresong ipinapangako ninyo? Napakaganda po at magiging progressive ang Candelaria. At naniniwala rin po ako sa sinasabi ni Mayor na kung sakaling mali na ang ginagawa ninyo, ipapatigil niya ang minahan. Subalit, paano po kung hindi na si Mayor mamaya ang Mayor? Paano na kaming mga taga Candelaria? How can you assure na mapro-protektahan niyo kami laban d'yan sa pagkasira ng kalikasan?	Atty. John Edward Ang: Okay po, Ma'am. Noted po ang inyong objection. Nasagot ko na po 'yan ng mga representatives natin from LGU and from the company itself. Well noted po, Ma'am. Salamat po sa tanong po ninyo. Next question, please.
Mr. Danilo Leonel: Tanong ko lang po kung ano na po ang status ng inyong Mining Permit sa aming barangay, sa Guinabon, Sta.Cruz po. Kasi ang area po ninyo ay sakop po ng aming watershed, doon po nanggagaling ang aming patubig sa Barangay Guinabon. Ilang hektarya po ang nakikibang doon sa tubig na dumadaloy sa ilog na 'yon po. Kaya gusto ko pong malaman kung ano na po ang status ng inyong permit doon sa Guinabon.	Mr. Antonio Marfori: Si Governor Deloso, pag-upong pag-upo niya na Gobernador, nagkaroon siya ng memorandum. Lahat ng mining hinto muna, so ngayon, 'yong Guinabon naging sakop kaya itinuloy na namin 'yan dito sa planta ng Candelaria sapagkat hindi siya pwedeng magmina, utos ni Presidente, kung walang planta. Kaya 'yong apat na minahan na malalaki na malapit sa Guinabon, hinto rin. Kaya kami, hinto rin kami sa pagmina kasi nga 'yong memorandum na ginawa ni Governor, wala munang mina.
Mr. Jaime Bulaw (Bantay Dagat): Para po mawala ang agam-agam namin, pwede po bang magkaroon po tayo ng committee, consultative	Mayor Napoleon Edquid: May ordinance ang Sangguniang Bayan na bumuo ng monitoring team. Kasi tayo ang may karapatan na mag-

ISSUES	RESPOND
committee para siya 'yong taga subaybay doon sa lahat ng aktibidad na nangyayari, para naman ho 'yong sinasabi po natin...magkakaroon po ng epekto at malaking bagay. Tulad po ni Mayor na siya ang mangunguna.	monitor sa kanilang planta. Tayo ang host. Kaya magkakaroon ng monitoring team ayon 'yan sa ordinance.

WestChinaMin Corporation Public Hearing Transcription

Carl Louie Santiago: Tayo po ay magsstart na po sa program natin today. Panalangin na pangungunahan ni Mr. Joseph Marfori.

(Prayer)

(National Anthem)

Carl Louie Santiago: Tayo po ay maupo na, para po sa ating pangbungad na salita tinatawagan po natin ang Honorable Mayor po ng Municipality of Candelaria, Zambales, Honorable Mayor Napoleon Edquid.

Mayor Napoleon Edquid: Maraming salamat po, sa ating mga panauhin ngayon araw na ito, si Sir Tony Marfori at ang kanyang mga kasama sa WestChinaMin ang ating pangalawang alkalde ng bayan si Hon. Echon ang ating MPDO si Engr. Ebdani, sa mga bisita po na galing sa National taga MGB at EMB at ibang ibang sangay ng DENR. Andiyang din po ang pinakamataas na forester sa Pilipinas, Si Sir Javier at syempre po sa lahat ng ating kababayan na nagpaunlak sa aming pagyaya para makamit sa Public Hearing na gaganapin ngayong umaga dito natin malalahad ang ating mga tanong, ang ating mga haka-haka, kung ano ang uri natin sa pagtatayo ng Ferro-nickel dito sa ating bayan. Maraming salamat po. Mas maganda sana kung andito ang mga anti para dito nila matanong ang kanilang mga katanungan at masagot ang kanilang katanungan. Ako naman po hindi naman ako anti mining pero po ako ay pro-responsible mining. Bakit po aking hahadlangan ang proyekto kung hindi naman makakasira ng kalikasan, kung ito ay makabibigay ng maraming trabaho sa ating mga kababayan, makabibigay ng extra income sa ating bayan, bakit ang sinasabi po ng mga kritiko kinikritisize ako kasi kahit ano gagawin ko wala po silang sasabihin kundi puro mali ang ginagawa ko sa ating bayan. Sinasabi nila na pwede naman daw mabuhay tayo sa pagbubukid, pwede tayong mabuhay sa pangingisda, pwede tayo mabubay sa pag spray ng mangga o kaya arawan na trabaho, bakit papayagan pa itong pagtatayo ng ferro-nickel plant dito sa ating bayan. Alam niyo po wala naman tayong karapatan, wala na bang karapatan ang mga kababayan na umasenso ang buhay na tulad nila nakatira doon sa Amerika. Pero ito ang ipinangako ko aking mga kababayan pag ito nag operate at nakikita natin na nakakasira sa kalikasan sinasabi ko na po Sir Tony Marfori, ako ang mamumuno sa pag aangklas para ipasara ang planta na ito. Sinasabi nila na nabayaran na daw ako, nabayaran kami ng mga Sangguniang Bayan, lalamunin ng lupa ang nagbayad sa amin, masyado nila kaming minamaliit. Pasensya na kayo at mahaba to a, ilalahad ko ang aking, kasi binabanatan ako sa social media, ngayong umaga na to, ewan ko binabanatan ako ni Dr. Benito Molino, nandito po ba kayo? Nagconfirm kayo po na pupunta. Binanatan niya ako ng araw na ito na lahat daw ng anti mining ay tinakot ko raw para hindi mag punta ngayong araw na to. Mag taas nga kayo ng kamay kung sino ang tinakot ko rito, mag taas kayo ng kamay, ang sinasabi ko imbitado kayong lahat, anti man o pro para ilahad ang inyong hinaing tungkol sa proyektong ito. Yan po ang sinasabi ko sa mga tao. Kaya po kahapon may nangyari po kahapon. Binanatan na naman nila ako. Ginamit po ang RHU para ikalat

ang kanilang mga anti-mining tshirt, nagkaroon sila ng medical mission sa Cabangan na hindi ko alam. Na hindi alam ng ating RHU officer si Dra. at itong isang empleyado tinext niya lahat ng mga BHW sa kanyang destino at sinabing may dental mission na nagaganap sa Cabangan at doon po nila ibinigay, pinangakuan na bibigay ng tshirt, para dumalo kayo. Nasan na po kayo? Tapos sasabihin ni Dr. Molino ngayon na tinakot ko raw lahat ng mga anti mining para hindi makadalo ngayong araw na to.. Meron pang nagsabi ipapatumba daw ako kung bakit daw itong minahan na mag tatayo ng Ferro-nickel ay pinayagan ko. Mga kababayan ko, ito po ay usapan sa national kahit po ako ay hindi ko gusto ay hindi po, wala po tayong magagawa pero ang nakikita ko po dito ay makakatulong sa ating bayan dahil iba ang sistema ng kanilang page extract ng mina, iexplain po nila yan mamaya, kung para sa progress ng ating bayan, bakit hindi natin papayagan. Pati ito na development project. Binabanatan nila kami dito, nakakatawa daw, may nag offer a, di sana samahan nila kaming magdasal para itong proyektong ito ay matutuloy. Wala namang mawawala kung tatanggapin naming, hindi naman tayo magbabayad, bakit pati yan? So wala na, wala ng maganda na aking ginawa, mas maganda ito at merong nag liliwe dito para makita doon sa America kasi yung kritiko ko mga nasa Amerika, napakaganda ng buhay nila doon, ako, galing din ako doon pero ipinagpalit ko ang aking oportunidad sa Amerika para lang makatulong dito sa Candelaria. 22 years po akong nakatira doon sa Amerika pero nirenounce ko ang aking status doon para makatulong dito sa ating bayan, sinakripisyo ko ang aking oportunidad pati oportunidad ng mga anak ko sinakripisyo ko, para sa inyo. Pero ito ang masasabi ko lang aking mga kababayan kung inaakala niyo na ako ay wala ng magagawa, hindi na nakakatulong sa inyo, sa ating bayan, wag niyo na ako iboto sa susunod na eleksyon. Sinasabi nila, wag daw itong planta na ito ang ibibigay sa Candelaria dapat daw irigasyon. Pero wala sila dito, wala silang nalalaman, hindi nila alam ginagawa na ang irigasyon natin, by 2019 or early 2019 lahat ng mambubukid dito sa Candelaria ay mabibigyan na ng patubig, hindi nila alam yan, kaya sana umuwi sila dito para makita nila ang sitwasyon ng ating bayan o kaya umuwi sila rito itong eleksyon mag file sila ng candidacy para talunin ako, sila ang mamuno, siguro maganda o mabuti ang bayan ng Candelaria. Pasensya na kayo mga kababayan ko at medyo naging emosyonal ako nandoon na kasi gusto kong ilahad ang lahat ng aking sama ng loob, dahil sa sa social media talaga nila ako binabanatan. Mga kababayan ko sana ngayong araw na to ay mahimasmasan kayo, makinig kayo sa pahayag ng ating mga panauhin ngayon kung papano ang magiging epekto nitong Ferro-nickel plant. Alam niyo matagal na nating inaasam-asam to na dito maiprocess ang ating mina kasi ang nangyari nung nakaraan kutkot lang ng kutkot, bungkal lang ng bungkal para makaraming ibenta sa ibang bansa at pagnayari ibabalik ang ibinenta natin sa kanila, ibabalik nila dito, mahal na. Ngayon ibebenta natin sa kanila finish product na, ano ang gusto natin? bakit ayaw natin? Wala kayong makikita na araw araw na napakaraming truck na pupunta diyan sa Binabalian, wala na po yan, wala na. dito na lang po yan sa atin at ito ay talagang mamomonitor natin dahil mismo ako, mismong kababayan natin na nagtatrabaho sa loob, mismo silang ang magmomonitor kung tama ba ang ginagawa ng kompanyang ito, kaya sinasabi ko sa inyo kung mali o may pagkakamali ang gagawin nila mamaya, ako mismo ang mamumuno sa pag-aangkas para mapasara ang planta. Maraming Salamat po. Magandang umaga sa ating lahat.

Carl Louie Santiago: Maraming salamat po mayor. Bago po tayo magsimula sa ating program proper. Iacknowledge ko lang muna ang mga participants o yung mga panauhin po natin para sa araw na ito. So iacknowledge ko po and different heads from Local Government Unit, Province of Zambales Municipality of Candelaria and Sta. Cruz and iacknowledge ko din po ang barangay captains, representatives from different sectors and residents from following barangays, sa Municipality po ng Candelaria, Brgy Uacon, Malimanga, Taposo, Yamot, Sinabacan, Pinagrealan and Binabalian and sa Municipality of Sta. Cruz po, sa Brgy. Guinabon po. Thank you po sa pag punta ngayong araw na ito. And then sa government agencies po, we have from the Department of Environmental and Natural Resources so EMB-Central Office, EMB-Region 3, Mines and Geosciences Bureau-Region 3 at sa iba pong government entities na nandito po for today at sa iba pong mga NGOs and other sectors po, Candelaria School of Fisheries, Green Zambales, Bantay Dagat at doon pa po sa ibang hindi ko natawag, maraming salamat po sa pag punta for today. So bago po tayo pumunta doon sa presentation po nung proyekto. Tinatawagan ko po si Engr. Carlo Arida ng Environmental Management Bureau- Central Office para ipahayag po kung ano ang layunin ng ating program or yung activity po natin for today.

Engr. Carlo Arida: So maraming salamat Carl no, so bago po natin simulan, nagpapasalamat po ako sa inyo sa pagpapaunlak po sa aming imbitasyon sa pagpupulong na ito, ang akin pong ipepresent kung ano po ba yung rason kung bakit namin ginagawa ito. So ito ay alinsunod sa tinatawag nating Presidential Degree No. 1586 o yung Philippines Environmental Impact Statement System so sa batas po na ito, nakasaad po dito na lahat po ng proyekto mapagobyerno o pribado na may impact po sa environment ay kailangang kumuha po ng ECC o Environmental Compliance Certificate sa gobyerno sa pamamagitan ng DENR-EMB para po ma-assess po naming ng maayos kung ano ang magiging impact ng project so sa office po naming meron po kaming proyekto na kailangan ng ECC. Yung requirements sabay po ng pagprocess ng application nila nakasaad naman po yan sa revise procedure sa emb.gov.ph at ng DENR tapos po nung 2014 nabigyan din po ng linaw kung saan po ipoproso ang application, yung ECC po tapos po nung 2017 nung nakaraang taon, nagkaroon po ng bagong Administrative order number 2017-15. Ang ECC po ay isang planning tool so hindi ho nangangahulugan na maisyuhan man sila ng ECC ay pwede ng mag implement ng project kasi ang ECC ay isa lang po sa mga requirements ng Mines and Geosciences Bureau para bigyan ng permit para po maimplement ang project. So sa ngayon ang ng DENR ngayon lalo pag igtingin yung pag proteksyon sa environment natin. ano ba yung tinatawag naming na Environmental Impact Assessment so yung EIA po na tinatawag namin meron po tayong apat na aspeto yung lupa, yung hangin, tubig at tsaka yung tao. Sa lupa po tinitingnan po natin kung ano man yung kasalukuyang condition po nung area niya kung ano yung mga kailangan natin protektahan sa hangin naman po, titingnan po natin kung mag operate ang planta, kung ano ang magiging epekto sa kapaligiran, sa tubig po, ganun din po naman, so ngayon sa people naman, titingnan natin dito, ano ba ang mga kabuhayan na maaaring maapektuhan ng proyekto nila at kung pano sila matutulungan ano po ba ang benepisyo ng tao dahil sa proyekto nila. Itong Public Hearing na ito na ginagawa po namin ngayon ay isa po sa mga proseso at ito rin po ay para makapagdecide po kami kung iisyuhan po ba

ng ECC o hindi yung proyekto nila so dito po sa Public Hearing merong pong public participation kung ano po ba ang opinyon niyo sa project o sa proyekto, kung meron man kayong katanungan, mamaya po .Ang request ko lang naman mamaya, kasi itong Public Hearing na ito, well documented po ito, meron po tayong mga dpcumentation nakarecord po tayo, nakavideo po tayo, pagkatapos po nito idodokumento ng consultant nila isusubmit sa amin ipopost po namin yan sa website po namin tapos mamaya po ifflash yung website namin, yung contact number naming, para kung gusto ninyo mag submit ng mga opposition letters ninyo isend niyo sa amin para ikonsidera namin sa decision making naming kung iisyuhan ba naming ng ECC o hindi. So dun sa EIA tska kung ano ang saloobin ng mga komunidad na naapektuhan, sana maging mapayapa po tayo para mairecord nating ng maayos kaya kung maari sana kung may nagsasalita, wag natin silang sabayan, panatilihin po natin na payapa, lahat po tayo mabibigyan po tayo ng pagkakataon na magsalita. Itong Public Hearing na ito, ito ang oportunidad sa komunidad sa stakeholders na iraise ang kanilang mga gaam-agam. Para po magkaidea po tayo ito po yung proseso na pinagdaanan ng application nila, nagconduct po sila ng scoping, public scoping tsaka technical scoping, public scoping nung April no, ang public scoping pinakita po nila sa inyo kung ano ang proyekto at kung ano ang agam agam ninyo so after nun nag meeting ulit kami sa office at nag buo kami ng mga eksperto tinatawag naming technical experts galing sa mga industriya sa mga academe, professors po sa mga unibersidad, apat na modules yan, land, air, water, people lahat po yun merong mga eksperto na, sa technical scoping naman naming, kung saan nag agree po kami kung ano ang coverage ng pag-aaral nila so natapos na po ang scoping..nag uundergo na po siya ngayon sa review ..so nakapagreview na po kami sa Manila, tinitingnan po naming ngayon kung tama po ba , sa report nila na may kulang pa at kung may kailangan pang dagdagan so after po nito, Public Hearing magrereport po kami niyan sa office mag meeting kami tapos , tingan po naming kung nabuo na. Tapos kung sakali man po namaisyu yung ECC nila isa po sa kondisyon ng ECC ay ang proponent po ang WestChinaMin ay magkaroon ng tinatawag natin na MMT o Mult-partite Monitoring Team, yung guidelines po sa pagbuo ng MMT nakalagay po yan doon sa DAO 2015-17 downloadable po yan sa website namin, nakasaad po doon kung sino dapat ang maging miyembro kung ano ang function nila, so ang MMT ay katulong po ng EMB para makasiguro tayo na yung proponent, ang WestChinaMin ay nagcocomply sa mga pinangako niya doon sa ECC. Na lahat ng mitigating measures gagawin niya para maminimize yung impact kundi man maiwasan ay ginagawa po niya, kung isa man po dun ay hindi nasunod well iisyuhan po namin sila ng memo at kung sakali man po na nagkaroon ng isang major issue naman ngayon pa lang po sinasabi na natin na dapat iimplement ng maayos ang program sa community. Ang compliance meron pa po silang compliance sa air quality, sa water so marami pa po silang pag dadaanan so itong ECC ay simula pa lang po ito. tapos kung sakali man po na mag isip sila sabihin natin na gumanda ang proyekto nila kailangan mag expand, dadaan po ulit yan sa proseso, uulit lang po kung ano ang pineresent natin ngayon, so dito papasok yung sa scoping po ano tapos magfifile po kami,bale ganun lang po ang proseso naming ano, pagdating sa Open Forum irerequest ko lang po ang partisipasyon mamaya. So bago po tayo magpatuloy sa presentation ng proponent, tinatawagan ko po yung Public Hearing Officer po natin para po mag set ng ground rules ano, so andun po siya,

yung malaking mama po sa likod si Atty. John Edward Ang, siya po yung magiging Public Hearing Officer po natin so Atty yung house rules po natin.

Atty. John Edward Ang: Magandang umaga po sa ating lahat, Ngayon pagkatapos po ipresent ng proponent ang kanilang project, ipapaliwanag na po ng kanilang consultant yung EIA, yung gaya nga po ng sinani ni Engr. Carlo na ipresent sa kanilang proyekto na ilulunsad dito sa Candelaria, ngayon matapos po mpresent ng proponent ang kanilang project, ipapaliwanag po ng consultant po ang kalagayan nung lupa, hangin, tubig at yung kalagayan ng mga tao po dito sa inyo, ngayon pagkatapos po nilang ipaliwanag sa atin base sa kanilang pag-aaral, iintegrate po nila sa kanilang proyekto, ngayon pagkatapos mag present nila didiretso na po tayo sa ating open forum, ayun po gaya po ng pakiusap po ng from EMB sana po ay maging maayos at mapaya ang open forum natin pakiusap lang po namin para maging maayos po ang suhestiyon o agam-agam ay maging malinaw po tayo. Habang maaga pa ay maging malinaw po tayo, wala lang pong samaan ng loob, para maisaayos nila kung iisyuhan ng ECC o hindi at sana po wag natin masyadong habaan, sana po maging mahinahon po tayo. Lalabas po sana tayo dito na magkakaibigan kahit magkakaiba yung pananaw sa proyekto. Yun lamang po. Marami pong salamat.

Carl Louie Santiago: Maraming salamat po Atty. John Edward Ang, para po ipresent kung ano po yung proyekto, tinatawagan ko po si Mr. Antonio Marfori ng WestChinaMin Corporation at susundan naman po ito ng presentation po ng naging study nila sa EIA study report ni Engr. Bernard Valmonte Jr.ng Axceltechs so sa project presentation, tinatawagan ko po ulit si Mr. Marfori.

Mr. Antonio Marfori: Magandang umaga po sa inyong lahat. Nandidito na naman po ako, makakasama niyong magpapaliwanag kasama ko po ang mahigit 20 experts na galing sa DENR at sa mga private, nandito po sila tsaka nandoon kaya kung kayo ay may mga katanungan tungkol sa environment, tungkol sa forestry, tungkol sa marine biology, tungkol diyan sa soil, tungkol sa air, tungkol sa polusyon meron pong sasagot diyan, andito pong lahat yan at inimbata ng ating gobyerno para yung ating mga katanungan ay matugunan ng maayos. Kagalang galang na ating butihing Mayor Edquid, Vice-mayor, lahat po ng konsehal, lahat po ng mga barangay council, barangay kapitan at lahat po ng mamamayan ng Zambales at tsaka po diyan sa Barangay Guinabon ng Sta. Cruz na sakop din po ng ating area. Magandang umaga po sa inyong lahat. Ako po ay, ang WestChinaMin po ang kauna-unahang na dumulog sa panawagan ni Presidente Duterte para ang ating raw material dito sa Pilipinas ay ipprocess na lang sa Pilipinas, ang dami hong mga probinysa na gusto mauna na dun itayo ang planta, sapagkat po yung permit po natin ay nandito sa Zambales, at ako po e nanungkulan din nung araw dito nung panahon pa ni Governor Ebdani at ngayon panahon ni **Governor Jeroso** si Mayor Edquid sinuportahan ako sapagkat napakagandang proyekto hindi lang hanapbuhay kundi taxes, lahat ng sa mamamayan dito sa Candelaria ultimong mga jeepney driver, nagtitinda ng isda, manikurista lahat po kayo makikinabang parang chain reaction sapagkat itong planta na ito ay toxic free at ipapaliwanag po yan ay zero waste. Galing poi to ng China at ito pa lang sa Pilipinas kauna-unahang itatayo. Ang WestChinaMin po approve na po ang MPSA nito n 2010 at ito ay may target 3,000,000 MT ang laki ng planta at magpproduce tayo ng 300,000 MT na finish product, tayo po para

sa inyong kaalaman para transparent po tayo, gagawa po muna kami ng model area na ginawa ng DENR per 100 hectare, palagi po sa social media na kinokonek itong planta tsaka ang bagong technology ng pagmimina sa Sta. Cruz at itong ating technology wala pa sa Pilipinas, itong bagong paraan ng pagmimina ddon po sa mga kritiko na nagsasabing mangayayri kung ano ang nangyari sa Sta. Cruz mangyayari din sa Candelaria. Hindi po mangyayari yan. Ipapaliwanag ko pong mabuti kung bakit hindi mangyayari dahil ang bagong teknolohiya na ito ng pag mimina ay bago pa lang, ngayon pa lang gumagawa ng guidelines ang DENR. Ngayon po ito, nasabi ko na it okay mayor, pinaliwanag ko na kanina bagamat ang model ay 100 hectares. Ipapanood ko sa inyo ang maikling video kung papano gagawin dito mismo sa Candelaria, makikita niyo na kayo ay nablessed ng Panginoon at nagkaroon kayo ng mineral na wala ang ibang probinsya. Yung mineral na ito, maraming bundok na hindi tumutubo yung mga halaman, mga kalbo yun yung mineralized mountain na merong nickel laterite, ngayon sapagkat yan ay merong nickel laterite ang nickel ngayon siya ngayon ay, sasabihin ko po sa inyo, bagong imbesyon to, mag research kayo sa mga internet within the period of 2 years to 10 years mawawala na lahat lahat ng petroleum ang gasolina ang kapalit sa buong mundo papalitan nay an ng baterya at nakaimbento ng bateryang yan nung una, battery ngayon hindi na, ang nakaimbento niyan yung America Tesla nickel battery yan po kaya maswerte tayo dito sa Pilipinas meron tayong 1.5 billion MT na nickel so yung nickel lateritic, percent po yan nung nickel yan po ang magpapatakbo sa mga sasakyan sa heavy equipment kaya itong ating mga kasama dito na nandito ngayon ay makakasama ng magtatayo ng planta ay kinumbita ko sabi ko wag muna silang uuwi dahil gusto kong makilala kayo ng mga taga Candelaria Zambales, siya po si Mr. Cheng at si Mr. Lim yung dalawa pong Chinese na nakaupo po ngayon.

(Video Showing)

Mr. Antonio Marfori: Dito po mismo sa Candelaria yan, yang bundok na yan. Nakikita niyo po ba? Walang gaanong nakatanim diyan.

(Video Showing)

Mr. Antonio Marfori: Yan po, wala po masyadong puno. Diyan po itatayo ang ating planta. Yan po ang dating mina na open pit, pinakita po natin yan po ang open pit, na hindi po natin gagawin yan, gagawin po naming ang systematic mining yan po pag umulan lahat yan bababa.

(Video Showing)

Mr. Antonio Marfori: Ito po yung gagawin natin, ang pangalan po nito ay contour strip mining methodology, hindi lang po stripping kailangan icocontour natin na 3 x 5 meters. Ito po yung ore body ang sinabi na over burden, masyadong magastos sa drilling kasi idrill mo muna kailangan muna alamin mo kung nasaan yung nickel, ang nangyari po kasi sa buong Pilipinas babbak sila ng babbak, nagtipid, kailangan kasi idrill baka maraming area na to wala naming nickel wag mong babbakin yung may maliit na portion na merong nickel dun ka lang kumuha para hindi masasama ang iba. Yun yung nakita ni Presidente kasi nakita niya, naghehelicopter daw siya kasama niya si Ms. Gina

Lopez yung dating secretary nakita nila yung mga minahan nung nickel binabakbak yung sa taas, yan po ay hindi mangyayari dito sa atin sapagkat ang babakbakin lang natin yung maliit na portion na merong nickel at pagkatapos natukoy natin yan dahil sa drilling, ang gagawin natin diyan magtatanggal yan yun nga lang hindi siya makukuha na 100%, 85% lang pero di bale na naprotektahan mo naman ang environment kahit na nagsayang ka ng 15%.

(Video Showing)

Mr. Antonio Marfori: Ito po yung kailangan na, dito kami nagbabase yung contour 30 degrees dapat minimaintain na 30 degrees kung masyadong steep na, wag mo ng kuhanin yung mina kung ganyan siya kasi hindi mo na siya mabebench na macocontour, pabaya mo na lang, iwanan mo na lang. Halimbawa ito, kung meron ditong nickel pabaya mo na, wag mo ng galawin yan kasi pag ginalaw mo yan bababa yan e, kaya kailangan ganito lang,

(Video Showing)

Mr. Antonio Marfori: Kaya tingnan niyo po ang rice terraces ito po yung contour strip mining yan eksakto 2000 years old nakikita niyo napakikinabangan pa. Bakit? kasi tama yung kanilang approach, contour strip mining nakita niyo nasa 30 degrees at tsaka hindi siya yung bumubulusok yung tubig. Ang advantage ng gagawin natin sa Candelaria, ito kasi walang settling pond, tayo maglalagay pa tayo ng settling pond at drainage.

(Video Showing)

Mr. Antonio Marfori: Ang pagmimina po natin yan po ay simultaneous, ang gagawin natin ay progressive rehabilitation habang minimina, hindi miminahin mo muna bago ka magtatanim sabayan pagkakuha tapos nakacontour sya nakabench siya tamnan mo na kaagad, para yung rehabilitation plan.

(Video Showing)

Mr. Antonio Marfori: Ito po yung sinasabi ko na, ito yung 100 hectares hindi dapat baklasin ang bundok, ito po yung magastos diyan dapat tadtarin mo muna ng drilling para malaman mo kung nasaan yung nickel hindi yung babakbakin mo ng buo.

(Video Showing)

Mr. Antonio Marfori: Ito po yung gagawin natin. Kung magmimina ka merong slags kasi yung ating planta ang composition po niyan is pag kinombine mo ang nickel 35% po niyan ay tubig water pag pinarocess mo yan sa cementing plant ang 20% niyan bakal yung 8% nickel 10% bakal yung 45% magiging slags. Yung slags pag naluto na, yun po yung pangtimpla sa semento na pwede nating gawin na floor tiles at tsaka wall so ngayon yan din po ang magandang pang soil stabilize kung kayo ay dumadaan kayo papuntang Manila pag nadadaan niyo ang SCTEX, nakikita niyo para hindi mag

soil erosion nilagyan nila ng semento, yung sementong yun ang slag pag naluto yan sa planta. Ito po yan ang tawag po naming diyan ay shot creting. Para hindi mag erode.

(Video Showing)

Mr. Antonio Marfori: Ito po ang mangyayari dyan sa contour mining kaya sinasabi ko hindi po ito kamukha ng Sta. Cruz, bago palang na teknolohiya itong gagawin natin sa Candelaria, wala pa sa Pilipinas nito ngayon pa lang mangyayari. Ito po yung slags na galing sa ating planta so lahat ng mining natin lalagyan ng ganyan yung posibleng magkakaroon ng erosion.

(Video Showing)

Mr. Antonio Marfori: Ngayon po, ito po yung slags. Pagtinamnan na natin kung ano yung dapat sa soil. Halimabawa kasuy, manga, punong kahoy, kung ano mang vegetable e, yan ang ating pag-aaralan kung ano man ang dapat sa soil. Lalagyan natin ng slags dito para hindi magkaroon ng erosion, so matatamnan na natin. So yung ating dating mga kalbong bundok, magiging parang rice terraces ang mangyayari sapagkat naka 3 x 5 meters yung pong 5 meters simula dito hanggang doon, yung 3 meters po yung malapit lapit dito.

(Video Showing)

Mr. Antonio Marfori: Ito po yung sinasabi ko, ito yung slags, ngayon ito po yung ating settling pond. Dito ang tinatawag natin dito, meron tayo ditong drainage, dito po yung settling pond naka.. 100 hectares. Yung rainfall gaano kalala ang pinakamalaking ulan ganun kalaki yung ating settling ponds, iton settling pond natin bago na ngayon yung pamamaraan, nung pinresent ko yan kay President Duterte na andun ang kanyang mga technical na 3 series of settling ponds, ang settling pond na yan meron syang spillway. Ang tinatawag na spillway para kung mabulunan, meron siyang madadaan na tubig. Nagyari kasi nung araw pag ka maulan nawawasak yung spillway nila pero dito ngayon meron tayong spillway, tatlong series na settling ponds na ..para ibabalik sa punong kahoy..at tska pag pumunta na yan sa creek o sa river medto malinaw na.

(Video Showing)

Mr. Antonio Marfori: So ito po ang ating presentation. Mamaya ..bago po pala ako magtapos, ito po palang contour mining methodology hindi po ito, bago po ito sa Pilipinas pero matagl na ito sa buong mundo. Sa Australia, Canada, Africa matagal na nilang ginagawa yan. Yun lang po. Magandang umaga po. Maraming salamat po sa inyo.

Mr. Antonio Marfori: Sorry po nakalimutan kong ipresent yung planta natin, yung planta po natin gagwin po natin yan 6 lines, umpisahan po natin sa isa, tapos pangalawa hanggang sa mabuo natin ang 300,000 metric tons. Ito pong planta na to, nakita ko na po tong nag operate, may dalawa sa China at yung pangatlo itong sa Pilipinas. Ito pong plantang ito, microwave kung tawagin po, yung pong microwave pinalaki lang po, low temperature, di ba may microwave tayo sa bahay nakikita niyo ban a may itim na usok na lumalabas? Wala. Iniitin lang po niya at the same.yun po tinutunaw ang

bakal para maging bnickel alloy, ang benepisyo dito pwera sa direct employment at yung pinangako ng ating mga kasamahan dito, yung ating kasamang partner, meron po tayon transfer of technology pangasamantalang sila muna ang magtuturo pag alam na natin gawin tayo na nag mag ooperate ng planta dahil alam na natin pero kung tinatayo na ang planta at susundan natin ang batas so lahat ng mga highy skilled pangsamantalang sila ang nakakaalam sila muna pero sa mga labor sundan natin ang batas dito lang sa Candelaria, kung kulang ang Candelaria saka lang kukuha sa ibang town o iba pang municipality, ngayon poi tong ating pakinabang dito bukod sa employment e yung access at tsaka ilalagay ko talaga ang tax dahil and unang unang makikinabang sa taxes ang ating bayan ng Candelaria at buong lalawigan ng Zambales. Kaya ito pong planta na ito kung makita ninyo kaya sinabi natin na toxic free, zero waste wala po talagang waste, pagkat yung waste nito, yun ang slag, yung slag na yun ang gagamitin pag soil stabilization, ito pong slag na to, ginagamit din po yan sa kalsada, kung maputik ang kalsada lagyan niyo lang ng slag wala na yung putik, patungan niyo na ng aspalto, patungan niyo na ng semento pwede na, tapos yung slag na to ito ang magandang roof tiles. Kinonfirm naming sa Manila, yung Wilcon Depot, yung construction supply, pinakalamalaki sa Manila ang benta nila ng 1 square foot na roof tile 250 pesos ibebenta ko po dito sa Candelaria 50 pesos so pwede natin ipalit sa yero hindi mo na kailangan ng kisaming malamig, yung init nararamdaman natin kasi yero yan e, pero kung papalitan natin yan ng slag hindi na natin kailangan, napakalamig na natin dito ngayon, dito na rin gagamitin ang roof tiles, dahil itong mga kasama nating ano... para magkaroon tayo ng magandang livelihood, marami ang makinabang. Yun lang po.

(Video Showing)

Mr. Antonio Marfori: Ito po yung SONA n gating president noong 2017 na gusto niya hanggat maari na ang lahat ng raw materials ay iprocess dito sa Pilipinas nakita niyo po yung video magkakaroon tayo ng increase bukod sa employment, ng taxes ten times so marami ang biyaya ang mapupunta sa mangagagawang Pilipino. Maraming salamat po.

Carl Louie Santiago: Thank you Sir Marfori, Tinatawagan ko naman po si Engr. Bernardo Valmonte Jr., from Axceltechs ang kanilang EIA preparer para ipresent ang kanilang naging resulta ng kanilang isinagawang EIA study.

Engr. Bernardo Valmonte: Magandang umaga po sa ating lahat. Nauna na pong ipinresent ni Sir Tony Marfori ang Project Description po, ipinaliwanag niya po kung saan, at yung ating planta kung papano mag operate. Yung akin naman pong ippresent sa inyo ito po ay resulta ng pag-aaral na ginawa namin, ang una pong meeting na ginawa po natin dito yung Public scoping po, last April 11 after that nagkaroon na po tayo ng pag-aaral, ang pinag-aralan po natin ay yung aspeto ng lupa, hangin, marine environment po natin at yung ingay o yung noise po so yan po nakalagay po diyan yung date po nung ginawa nating sampling. Gumawa po tayo ng ibat ibang team no. Ang atin pong soil sampling ginawa po natin yan noon May 11 at 12 2018 yun pong water sampling natin May 11 at 12 2018 at bumalik pa po kami nung June 6 to 8 2018, bakit po kami bumalik kasi ang sabi po ng EMB kailangan dalawang season ang kunin niyo ng sample ng tubig isang tag init at isang tag ulan so

kailangan po naming bumalik nung unang patak po ng ulan or a week after yung patak ng ulan yun po yung June 6 to 8, yun naman pong May 28 until June 1 po kinonduct naman po naming yung tinatawag natin na social survey assessment so meron pong team na, meron pong team na kinalat tayo sa ibat ibang barangay at yan po ay nagtanong po sa inyo, may binigay po silang questionnaire survey at yan po ay sinagutan po ninyo, nakakuha po kami ng datos dyan ang isa pa pong ginawang activity ay yung terrestrial survey ito po ay ginawa nung aming team June 9 to 11 at yung air sampling po May 11 to 12, yung marine ecology po nag employ tayo ng mga divers no, bagamat yung ating planta po ay malayo po nasa kabundukan pero yung EMB hiningi pa rin po na pag aralan yung marine situation po natin dito. Yung marine ecology so ginawa din po natin yan at yung tinatawag po natin na fresh water ecology ay noong June 9 to 11 lahat po yan ay nagawa, lahat po ng samples ay pinoroseso sa laborator nagkaroon po ng resulta, ibinalik po sa amin at yun po ang ipresent ko po sa inyo, so ito po ang mapa po natin sa soil quality sampling site no, meron po tayong anim, the soil quality sampling site. Ani na site po yan, kumuha po tayo ng mga samples diyan at meron pong mga resulta, may nga nakuha po tayong resulta galing sa laboratoryo ito pong mga, ginagawa po natin to, upang makita po natin kung ano po ba ang estado ng lugar po natin, ang purpose po niyan ay para malaman ang estado ng lugar natin bago po magmina, bago po mag gawa ng planta ang WestChinaMin ano po ba ang prevailing na sinaryo dito sa lugar sa Candelaria at maging sa Sta. Cruz, so ito po ay resulta ng pag-aaral namin. Anim pong site ang kinunan namin ng soil sampling makikita po natin yan hanggang dito sa may taas, meron po tayong soil quality sample, nasa may taas po banda. At yung pinakamababa po naman dito po sa may bandang baba malapit na po ah going east na po siya. So sa soil quality na amin pong ginawa ito po ang aming nakita, nakita po ng laboratoryo hindi po kami, laboratory po ang nakakita nito, kumuha po tayo ng samples isinubmit natin sa laboratoryo at ito po ang kanilang nakita no. Meron po tayong mercury po o yung tinatawag po natin na element ng mercury sa anim po ng sampling sites meron po siyang high elevated values, yun po ang estado ngayon, ang estado po ngayon meron pong mataas na level ng mercury po sa ating lupa hindi po natin alam kung saan galing yung mercury pero hindi natin masasabi na maaring inherit ito doon sa lupa pero yun po ang sinasabi ng samples na nakuha, so meron po tayong numero no, so ang pinakamataas po yung SS number 2 yung medyo nandoon sa taas kanina at pinakamababa naman po e yung SS 6 bandang gitna po siya, so andito po yung SS2 ito po, ito po yung SS2 ito po yung sinasabi natin na pinakamataas na value ng mercury po na nakuha natin at SS6 po naman bandang gitna po, yan po yung pinakamababa. So ano po yung impact assessment ng soil quality, possible increase pag nag mina po tayo ito po ang impacts po niya, possible increase to surface erosion and land slope sedimentation yun po ang sinasabi natin kanina na ang pagmimina po pag hindi naging maayos magkakaproblema po talaga tayo sa siltation at sedimentation. Pangalawa po yan po angpagtatanggal natin ng top soil, hindi po natin maiaalis po pero ang sinasabi nga po ni Mr. Marfori kanina magkaka roon po tayo ng block by block na mining po so 100 hectares lang po lagi ang bubuksan nila. Tapos disposal ng domestic waste, susunod po yung soil contamination po yung aksidenteng pagtapon ng fuel, lubricants spill galing po sa diesel at maarin din pong magaling doon sa ibang gumagalaw na equipment po sa site po. So ito po ang nakikitang mitigating measure ng WestChinaMin po ang gagawin po natin nabanggit po knina ni Mr. Marfori bibigyan po agad ng

agarang progressive rehabilitation po yung soil rehabilitation po, magkakaroon po tayo ng rehabilitasyon at magbibigay din po tayo ng appropriate sedimentation controls para sa surface erosion po, lahat po ng basura, waste, use oil, lubricants, and other chemicals yan po ay ibibigay o ibebenta sa mga recyclers, meron naman pong kompanya na bumubili ng basura ang ating kompanya yan po ay maghahanap ng highest bidder po, ibebenta po natin yan. Tapos yun din po lahat ng domestic, pati po yung domestic ibebenta din po natin sa recycling company po, sila po yung bahalang mag dispose po. Nag-aaral din po tayo ng terrestrial meron po tayong labing isang site. Labing isang site po pinag-aralan natin sa terrestrial po. Ito po ay flora makikita po diyan labing isa po, ikinalat din po natin yan, halos po kung saan nandoon ang ating soil andun din po ang iba pang stasyon so labing isa po yan, kinalat po natin yan. Simula po sa may bandang norte ng Candelaria hanggang dito po sa may bandang south po. So ito po ang nakita sa area po na binisita ng ating scientists so endemic species po yung katmon no, was observed during flowering season during the observation on the study site. Tapos meron pong nakita na isang herb specie yung palamata, bloom season po noon nung pag punta nila ang tawag po doon ay palmata, hindi ko lang po sigurado kung ano ang tano. So yan po ang nakita po doon sa project area po natin. At nakita din po doon sa observation doon sa area yung charcoal making spo ng ating mga kabababayan, alam naman natin na isa yan sa hanapbuhay natin ang paggagawa po ng uling. Kaya lang po minsan medyo nakakasama din po sa kalikasan ang paggawa ng uling. So nakikita po nating impact para po sa ating mga halaman e doon po sa paggawa ng construction phase po natin pagdating po sa planta. So lahat po nung posibleng magkaroon po ng problema ay ang pagcclear po ng mga puno, ang masasabi lang po natin e hanggat maari po ang susundin po natin ay yung plano po ng minahan ano, kung ano man po ang sinasabi ng minahan, sabi nga po ni Engr. Marfori nagbarena po sila, alam nila kung saan marami ang concentration ng nickel ngayon po kung mataon naman po na yung area ay madami ng nickel at maraming puno pero magkakaroon ng balance yan sa kompanya. So nakikita po natin na mitigation measures magkakaroon po ng buffer zone ang area na gagalawan, so meron po ngayon ang DENR po ata EMB kung hindi ako magkamali, magaanounce po sila ng number of meters po ng buffer zone hindi ko lang po sigurado kung kailan yun pero nasa working table na ng DENR yun so maglalabas po sila ng heto pong lugar na to ay hindi pwdeng galawin pero sa ngayon po ay meron na pong tinatawag na no go zone, pangalawa, tayo po ay magkakaroon po ng pagtatanim po ng grass species para po sa soil erosion control, pag ulan po ng malakas hindi po agad sasama sa tubig yung lupa yung silt at sediments. So magkakaroon po tayo ng pagtatanim ng grass po at yung pinakaimportante po yung progressive rehabilitation so nabanggit nga po kanina ni Engr. Marfori immediately po, ang ginagawa po ng karamihang minahan ako po ay isang mining engineer, karamihan pong ginagawa ng minahan nung unang pag papractice po ay bubuksan po ang area, kukuha po ng mina, kukuha po ng laterite tapos ang problema po hindi po agad nauubos ang laman ng isang area, bubukas na naman po ang isang area, ganun po ang nangyayari kaya kung ipagsama sama niyo po ang bukas na area, napakalaki. Pero ngayon po ang sinasabi ni Engr. Marfori kanina 100 hectares po per area ang bubuksan, meron ding pong kung hindi ako nagkakamali meron din pong ipapalabas and DENR na batas po dyan, kunwari po ang ating production ay 1 million meron pong kaakibat na ito lang ang gagalawin niyo. So maari pong sa mga susunod na araw o buwan ay

lalabas yang pronouncement ng DENR. So magkakaroon po ng progressive rehabilitation, tataniman po, lalagyan po natin ng mga pananim ang atinfg mga disturbed area. Maaari pong bumili si WestChinaMin ng mga punla or gagawa po sila ng sariling nursery at mag popropagate ng mga seedings dun din po galing sa nursery ang ilalagay sa mga disturbed area. So kanina po yung flora, ito naman po yung fauna assessment po natin, so labing isa pa din po ang sampling sites ang ating pinuntahan, 11 sites po yan at ito po yung mga nakita po natin. So heto po nag ating mga nakita sa project area po ano, Some of the observed bird species red turtle dove, nakita po nila yan nung sila po ay pumunta, may blue-tailed bee-eater, yung white breasted woodswallow at yung lesser coucal so lahat po yan ay nakita sa project area. Heto rin po may mga nakita din po silang kakaibang mammals po, ang ginawa po kasi n gating mga experts po nag set-up sila ng mga traps para po malaman natin kung ano ba talaga ang nabubuhay sa area natin, mga hayop, halaman, ito po ang mga hayop, heto po nakita po nila at nacapture po, meron silang nacapture dito na bat po, diadem horsehoe-bat tapos may daga din po silang nahuli po, yung commin rousette bat and Philippine forest rat. So yan po yung mga hayop na nakita sa project area natin, so dahil po ang pag mimina ay clearance po magkakaroon ng distraction yan, temporary mawawala po ang mga yan yung mga nabanggit po nation na species nay an, dahil po sympre po pag nagkaroon po ng clearing sympre po aalis po yan, yun po ang impact na nakikita namin. At yun po yung sa construction po madidistorbo sila po. Mabubulabog po sila, so ano po ang gagawing mitigation measures ng kompanya, ang gagawin po nila yung ating pong pag momonitor yung monitoring po ng fauna at flora gagawin po every 3 years so kunwari po ginawa po ngayong taon na ito after three years po gagawin po ulit nila, magkakaroon po ulit sila ng inventory kung nawala po ba ang rats, bird so titingnan po nila every three years po at dalawang season po, wet and dry po nila gagawin yan. At katulad in po ng nabanggit ko kanina magtatayo din sila ng buffer zone, magkakaroon po ng no go zone within the mining area po. Natapos na po tayo sa terrestrial ito naman po ang tubig. Ano po ba nag kalidad ng tubig ngayon sa ating lugar? Pagsinabi pong kalidad ng tubig dalawa po siya no, may marine at groundwater, yung groundwater po muna ang aking itatalakay, yung marine po yung mamaya ang magsasalita po yung ating eksperto sa marine. Meron po tayong tatlong sites po ng groundwater, isa po sa may bandang gitna, yung malapit sa ating plant area at dito po sa may bandang baba ng kaunti. So tatlo po yang ginawa nating groundwater sampling sites po. So ito po yung paggawa natin nung sampling no, nanonotice nyo po dyan, yan po ay ginawa po ata nung dry season kaya medyo mababa pa po yung ilog no kung hindi ako nagkakamali. Yan po ang May 2018 po na ginawa natin yan, ito din po, yung pagkolekta ng groundawater po kumuha din po tayo ng sample sa mismong poso para malaman natin kung ano ang pinupump out ng tubig natin, so ganun din po sa ating marine may apat na area po sila kung hindi ako nagkakamali yung marine water sampling natin na ginawa. Ito po yung nakita po na kumuha po tayo ng rock samples sa river, river sediments po so base on the obtain data kung doon po sa lupa kanina mercury po ang nakita dito naman po chromium at nickel concentrates, so ibig pong sabihin hindi pa po nagmimina ang WestChinaMin present na po sa river sediments natin ang chromium at nickel. Meron na pong traces, may traces na po siya, ibig pong sabihin niyan talaga po palang ang area natin ay mineralized nahuhugasan po kasi yan e, nagleleach po yung ating nickel tska yung chromium very few po yung traces ng arsenic doon

po sa pinakailalim ng sediments. Yun pong groundwater po, lahat po ng parameters na sinukat po yung TDS, nitrate and metals yan po ay hindi po lumampas sa PNSDW standards po natin sa DAO 2007-12 wala po tayong nakita na nag exceed, wala po tayong nakita roon. However, po, meron pong pagtaas po yung tinatawag natin na coliform bacteria yan po ay galing po sa ating ilog, tandaan po natin yang ground quality ay galing sa ilog at galing sa poso so meron pong exceedance sa coliform bacteria, ano po ba ang pinanggagalingan ng coliform? Yung pong pinanggagalingan ng coliform ay mga dumi po, particular ang dumi ng tao at hayop. Yun po yung present sa ating ilog po. Dapat po yung ating coliform yung total fecal coliform ay dapat po ay zero para po lagi pong ang tubig natin ay maganda pa po. So dahil po nakita po natin na meron pong coliform bacteria sa tubig lalong lalo na po sa poso, sa drinking water indicates po na ang water ay non-potable and not intended for human consumption so hindi ko po alam kung ano po ang pwedeng gawin ng ating butihing mayor, makakatulong po ito sa pagpapalano din po ng ating munisipyo. Yung fecal coliforms po more accurate indication of sabi ko nga po sa inyo kanina waste po ng human at animal. Sources of water po kung hindi ako magkamali medyo mababaw po yung mga wells natin so pagmababaw po yung wells marami po siyang masisipsip po, so baka matulungan tayo ng munisipyo pag dating po sa ganun. Tapos po yung absence of appropriate domestic wastewater septic tank po maari pong yan din po ang isang nagaaggregate po ng situation po natin. Doon naman po sa surface water ang dissolved oxygen for stations P2-E and P7-C ay mababa daw po below the guideline value for Class C waters ang value po ng DO niya ay 2.74 at 4.04 so mababa daw po siya sabi ng ating laboratoryo kasi po kaya po siya mababa nung time na yun ay almost stagnant po siya dahil po hindi po nagfflow ang ilog kung kaya ung dissolved oxygen po o yung DO na tinatawag natin ay medyo mababa. So hindi po napapalitan ang tubig ng ilog kasi po wala pong ulan that time. So nakita niyo po yung surface water natin, nakita niyo din po yung fecal coliform may traces pa din po in stations P2-E and P7-C during dry season sample po yan at during wet season naman po mas lalo pong dumami sa mga stations po na P2-D, P2-F,P2-G, P7-B, P8-A and P8-C so noong dry season dalawa lang pong stations ang nakitaan ng fecal coliform yung nag wet season na po dumami na po yung fecal coliform so ibig sabihin yung mga nandoon sa itaas nahugasan na po, bumaba na po siya, kuamalat na po ang fecal coliform kasi nga po wet season na po. Comparing the results for dry and wet season sampling, significant increase in fecal coliform count yun nga po. Biruin niyo po yung P8-A (17 MPN/100 ml to 920,000 MPN/100ml) at P8-C (79 MPN/100ml to 35,000 MPN/100 ml) malaki po ng pagkakaiba nung laboratory result ng dry season at wet season po. In terms naman po ng TSS o yung total suspended solids po all samples collected in dry season exhibited very low TSS nagraranje lang po sya from 3 mg per liter to 9.5 mg per liter. Pagdating po ng wet season tumaas na po ang TSS sympre po nahugasan na po ang dumi sa paligid so tumaas na po siya yung P2-F 104 yung P2-G83 lahat po sila ng exceed ng guidelines which is 80 mg per liter ang yung P8-A po nag exceed po siya ng Class B sinasabi po natimn sympre pag tag ulan magdidisperse po ang mga dumi. Ganun din po the significant increase in TSS is expected during wet season due to the erosion. Dito na po papasok sympre po may ulan na po yan. Dito na po magkakaroon ng siltation yung run-off po ng water.bibitbitin niya na ang silts na hindi po na address sa silt po in terms naman po sa metal doon lang po sa P8-C meron pong mercury 0.002 po. Nakakuha po tayo ng 0.002 sa P8-C na it exceeded

the Class B guidelines value for mercury, lahat po naman ng samples ay nasa below pa din po sa P8-C lang tayo nag exceed po. So sa marine water quality naman po yung fecal coliform naman po, marine po nasa dagat na po yan a, dagat po sinampolan po natin ang tubig dagat ano ba ang nakita natin sa dagat po. So fecal coliform counts of samples collected during the dry season sampling are below, mababa po 200 MPN lang po siya per 100 ml. However, po, significant increase in fecal coliform count were observed so maaari po nung dry season mababa tapos nung wet season inilabas na ang dumi na po ang dumi ng ilog papunta po sa ating dagat, nagkaroon lang po ng pag-ulan lumabas na po yung dumi. This is probably due to the run-off coming from the different catchment areas galing po siya sa mga bukirin, galing po sa ating mga communities. Lahat po kasi yan ay sa dagat po ang tapon so makikita po natin na naapektuhan pa rin po ang marine water quality natin. So meron din pong nakita na sulfates were also found in high concentration sa marine water, parehas po during dry and wet season marami po, 1,730 mg per liter to 2,000 mg per liter for dry season at dito naman sa wet season 943 mg per liter to 1,190 mg per liter so meron din po tayong sulfates na nakita sa ating marine water no, ang nakikita po nating possible sources po niyan ay yun pong galing sa mga fertilizer yung mga isinasaboy po natin, yan po, siyempre po nagtatanim po tayo n gating mga palay nagsasaboy po tayo pag umulan po nahuhugasan pa din po yun, pupunta pa din sa marine water ang bagsak ng ating mga inputs tawag po natin diyan mga inputs po e no, pag nagsasaboy po tayo. So nakikita po natin na impact nun sinasabi po natin dito, during wet season po yung posibilidad po ng soil erosion hindi naman po natin maikakatwa po na meron pong soil erosion lalong lalo na po sa tag-ulan kaya naman po sabi ni Mr. Marfori kanina, imamanage po nila ng husto yan. The project operation will generate various kinds of waste primarily solid wastes and sewages meron po kasi sa ating planta, tatayo po tayo ng admin office diyan, may mga tao po diyan meron pong solid wastes na magenerate po diyan. Magtatayo po sila dyan ng I believe yung MRF yung Material Recovery Facility po para macapture po nila yung solid waste. Heto po yung mitigating measures po yung binanggit din po kanina ni Mr. Marfori kanina yung sediment and erosion control plan. A combination of vegetative and engineering measures yan po yung ating mitigating measures po no, engineering and vegetative control po so lahat po ng binanggit ko din kanina, lahat po ng disturb area pag lipat po ng mining operation sa isang area yung pinag iwanan niya po, irerehab na po agad yun. Yun po ang ating gagawin sa pagmimina. A hazardous waste facilities must be constructed, temporary lang po habang ginagawa yung ating planta at ganun din po habang nag ooperate yung ating planta para macapture po natin lahat ng dumi langis, solid waste lahat po yan. Dun po sa processing plant natin na itatayo kasi po smelting sya so nag rerequire ng heat no, doon naman po ay magkakaroon po tayo ng pagpapalamig ng tubig na ginagamit, yung water cooling po. Any wastewater coming put of the process must be treated accordingly prior to discharge, sinasabi po dito kung ano man yung waste water na ginamit itreat po nila yan para kung sakaling kailangan ilabas po sa ating mga kanal o ilog yan po ay itreat na nila yan. Pero sa pagkakaalam ko dito sir wala tayong itatapon na tubig dito pagdating sa planta, wala tayong itatapon na tubig sa planta. Facilities handling hazardous materials such as fuel example yung motor shop po meron po silang oil and water greese separator. Dapat may greese operator po diyan. So ito po yung marine ecology, siguro po ang pinaka the best po na magexplain dito ay si Dr. Benjie Francisco po.

Dr. Benjie Francisco: Magandang tanghali po. Ako po ay si Benj Francisco ako ay isang Fishery Biologist, scuba divers galing sa UP Science Institute sa UP Los Banos at sa Surigao City University kami po ang nagsuri ng dagat dito sa Candelaria upang tingnan ang kalagayan ng corals, sea grass, mangroves, plankton at vertebrates para magkaroon ng baseline study, makita po yung kalagayan ngayon para maikompara sa future kung may pagbabago. Very quickly kasi mabilis lang ang oras ang sa larangan ng corals maganda ang corals niyo sa dalawang MPA or Marine Protected Area isa yan sa maganda dito sa sa parte ng Zambales, sa labas po ng Marine Protected Area niyo yung batong langkayan at yung isa pa ay mataas ang dead corals with algae ibig pong sabihin yung corals na nasa labas ng MPA lalo na yung malapit sa ilog ay natabunan ng putik. Nacyanide, naputukan, natabunan ng putik tinubuan ng lumot. Pero yung dalawang nasa fish sanctuary ay medyo maganda ang kalagayan. Ang sea grass ay 3 to 4 na species pero dito po sa Potipot Island ang pytho plankton community tiningnan po namin ay normal wala po kaming nakitang species na pwedeng mag cause ng parasitism. Dito sinuri naming ang karagatan wala po ditong harmful algae species na pwedeng mag cause ng paralytic. So nagtesting kami ng actual fishing, balita naming bumaba nag catch rate so ginawa naming nangisda kami tiningnan namin kung ano ang catch competition. Ang mangroves sa Uacon lake at sa Malabon river manipis yung sa ilog kasi yung mga riprap yung nasa Uacon lake diverse at marami pong shell fish isa na po dun yung edible yung exotic po sa amin sa Mindanano. Edible hibaw o polipisoda erosa sa science. Ito po ang katayuan ng corals po kung meron kayong massive corals for populate, merong maganda pa, meron pong patay, madami pong patay, yung ganito po ang hitsura ay na cyanide yan yung tinutubuan po ng lumot, nadurog ay na nadyanmite at medyo mataas sa labas ng MPA dahil sa silt pero ang magaganda dito magaganda ang corals sa dalawang fish sanctuaries, mukhang napoprotektahan yun. Wala po kaming nakita na bagong marka ng cyanide, bagong marka ng putok the last ten years siguro hindi maverify pero ang hitsura ng karagatan ay walang damage ang corals due to illegal fishing o blasting, o cyanide fishing in the last several years. So matagal tagal na and kung pabayaang niyo po ang MPA niyo magrecruit ng magrecruit maging healthy magsesettle po yung corals sa ibang lugar. Ah ang impact na nakikita namin ay ang layo po ng dagat sa minahan e parang 27 kilometers, 23 kilometers so sobrang layo ang pwede lang pathway. Ang pathway lang ng potential is yung ilog. Ilog na bumubuhos sa karagatan so yung sedimentation o accidental spills ay hindi nakokontrol ng maigi pupunta yan sa water waste, dala ng ulan at yung ilog ay natural na sa dagat pupunta. Pag tumaas ng tumaas ang sediment yung siltation sa dagat baka abutan yang inyong MPA, ngayon po ay malinaw pa siya at sana mamaintain natin sa ganung klaseng kalagayan. So ang impact assessment katulong po ang impact mitigating measures katulad po nung standards sa basta ginilaw mo ang earth mag earth moving ka sa lahat po ng karamihang projects nilalagyan po nila yan ng traps, silt screen, curtains, seawage ng sediments, lahat po yan ay nirerekomenda naming na gawin ng proyekto para hindi bumuhos sa dagat ang silt kung meron man na magegenerate pero at this time po ay makapal na ang silt, marami pong point forces yung walang puno na bundok, yung mga diluted areas, mga river banks lahat yan may silt na dinadala, lalo na dito sa bandang Uacon, napakalaki ng estuary at sana pagnagawa na ang mitigating measures ay hindi na yan madadagdagan, so yun po ang aming findings sa marine ecology. Salamat po.

Mayor Napoleon Edquid: Ah kasi po nakakaalarma ang sinabi ni Engr. Kanina na contaminated na pala ng coliform ang ating groundwater sana iwasan mun natin nag uminom galing sa balon, galing sa poso o kung anu-ano man, Minsan nga ako umiinom ako galing sa batuhan, maghuhukay lang ako dyan ng ano maya maya kung malinaw na iinom na. Dapat pala wag muna tayo uminon ng galing diyan pero itong 2018 po bago magkatapusan ng 2018 kung nakikita niyo ang mga hinuhukay sa daan sa highway papunta sa barrio yan po an gating bagong installation piping ng ating water district. Yan po ang proyekto na binigay sa atin sa halagang 10 million at dinagdagan po n gating assistant secretary sa DPWH ating sariling kababayan si Asec. ng 30 Million so 40 million po yan na gripo nay an pra magbigay sa atin ng malinis na inumin at malakas so umasa po kayo na before the end of 2018 ay malalagyan nap o ang lahat ng bahay nag tubig na malinis na pwedeng inumin, so palakpakan po natin ang arting sariling anak na si ate kyap na siyang may puso na magbigay ng ganitong proyekto sa ating bayan at ganun din po sila na nagbigay ng 10 million na proyekto para po sa ating water district yan po ay hindi po utangin yan, hindi po natin babayaran, bigay po yan ng libre sa ating bayan. Maraming Salamat po. Palakpakan po natin sila.

Engr. Bernardo Valmonte: Maraming salamat po mayor, ituloy lang po natin ang sa pag aaral po no kung ano po ba ang nakuta nain sa inyong lugar bago po tayo mag lunch mamaya. Natapos na po tayo sa lupa, sa tubig no, eto po ngayon sa hangin naman po tayo ano po ba ang nakita natin sa hangin. Sa hangin po may apat po tayong stations na kinuhanan ng samples po, apat na stations po ang kinuhanan ng samples. So doon po sa apat na yun ang sinasabi po n gating ekwipo ay lahat ay within the standard po during that time po na nagkaroon po tayo ng sampling wala po tayong nakuhang exceedence sa ano man pong element ng hangin po ano. Pero yun pong ating operation po, alam naman po natin na magkakaroon siya ng impact ito po yung nakikita naming impact. Fugitive dust generation po, vehicle/ equipment emissions yung usok po galimg sa ating behikulo at yung local increase po sa TSP at pagtaas po ng noise level pero natural po yan pagnagstart na po ang ating construction at ng ating minahan na po. Ganun din po ang air pollution po from gas emission po ng heavy equipments so pano po natin matutugunan ang nakikita po nating impact no? ito po yung sinasabi natin, magkakaroon po ng strict implementation ng covering ng hauling trucks at yung ating water spray mas dadalasan po natin yan, yung preventive maintenance of vehicles and equipment napakaimportante po yan para po sa ating operation at yung water spray po nabanggit na natin kanina during day time po as much as possible po para lalong makatulong po talaga sa pagkontrol ng mga alikabok. So doon naman po sa socio, nabanggit ko po sa inyo kanina meron po tayong ginawang survey po, may binigay po sa inyong survey forms may sinagutan po kayo doon. Impact po sa socio. Positive impact po tayo no employment of skilled and non-skilled workers kung hindi po ako nagkakamali sabi po no Mr. Marfori, 5000 po na empleyado, hindi pa lang po malinaw ngayon kung ilan sa operation o sa construction pero ang total po nyan ay 5000. So later on pa gang project po ay nagpprogress magkakaroon po ng benfit po doon po sa ating social cost via employee almost 5000 personnel po. Tapos meron pong diversification of local industries, ito naman po medto negative impact naman po, increase ang traffic flow causing air or dust pollution and noise pollution. LGU share po tataas po nabanggit poi to kanina ni Mr. Marfori 10 times po ang itataas ng ating taxes

at revenue po at also royalties and taxes paid locally and shared by municipal and barangay. So yun po nabanggit ko kanina yung atin pong hiring policy so pag nagkaroon na po ng kalinawan po kung matutuloy an gating planta siyempre po hindi pa naman talaga sila makapaghire ngayon pero once po na naprovide na po o nasecure na nila ang lahat ng mga permits ang atin pong susunod diyan yung hiring nap o. so magkakaroon po sila ng policy ng hiring diyan pero magkakaroon po ng policy po yan. Yung magbebenefit po talaga ay yung taga Candelaria. Ganun din po kanina ko pa po binabanggit ang buffer zone na to as much as possible po magkakaroon sila ng buffer zone away from the community. Ang isa pa pong benepisyo po talaga na nakukuha sa mina ng community ay SDMP po na tinawag po natin. Social Development and Management Program. So yan po ay 1.5% of operating costs hindi pa po natin masabi kung magkano ang operating costs nila so hindi pa po nati masabi kung magkano ang SDMP na magegenerate ng project. Yan pong local taxes po paid to the national government will exceed excise tax of 60% goes to national government sa national treasury po. , 40% to the local government ito po yung paghahati hati. Bukod po doon sa Total taxes na yan meron pa pong real property tax sa probinsya at sa municipal po. Ok tapos na po. Wala na dfaw tayong slides. So Maraming Salamat po. Ibabalik ko na po ang mikropono sa ating Public Hearing Oficcer kay Atty. Ang. Marami pong Salamat.

Atty. John Edward Ang: Ok po. Paalala lang po ulit sa mga hindi pa nag attendance lalo na po sa mga bagong dating lang po. Ini-encourage po namin kayo na mag approach dito sa harap para ilist down po ang inyong mga attendance pati po yung nirerepresent niyo pong organization. At the same time, tuloy na po tayo sa ating open forum natin. Paalala lang po ulit. Panatilihin natin ang kaayusan at the same time kindly ask question na related po doon sa presentation at proposisyon po nila. Ngayon kung magtatanong po kayo state your name kindly, ano ang organization na nirerepresent po nila o kaya kung saan po kayo residente at ano po ang tanong at kung kanino niyo po dinidirekta ang tanong ninyo. Ngayon kung kayo naman po ay nahihiya tumayo sa mga my post po natin paraz magtanong pwde niyo naman pong ipaabot ang tanong nila dito po sa harap. Isulat nityo lang po sa kapiрасong papel para kami na po ang magraise ng question para sa inyo. Ok now, we formally start dito po sa ating open forum para sa maayos na pagsissimula ng ating open forum, magtaas lang po kayo ng kamay irerecognize ko po kayo with the instruction to approach the microphone para po makapagpakilala po kayo at maraise niyo po ang mga tanong. Yes ok so. Sige po. Sino po ang gusto mag raise ng concern? Yes sir, Please. Microphone please.

Dr. Benito Molino: Mayor Napoleon Edquid, yung mga taga EMB at iba pang mga panauhin. Ako po si Dr. Molino na binabanatan kanina ni Mayor Edquid. Para po sa kaalaman ng lahat, ang kanilang permiso noon ay rehabilitation dahil hindi sila makakuha ng permit. Small scale. Kailangan daw kasing tanggalin ang nickel para marehab so kung ang kanilang permiso ay rehab hindi na nila ibaba ang stockpile. Anong ginawa ng MGB inorderan ang local government ng Zambales para ibaba ang mga stockpile daw. Anong ginawa ni Deloso? Kinontrata ni Deloso ang WestChinaMin na ibaba ang stockpile at aariin ng WestChinaMin ang stockpile na illegal nilang inistock. Pangalawa ang mga mining ngayon ng WestChinaMin ay panay watershed. Alam ba niyo, kung ano ang watershed, walang anuman dami ng punong kahoy ang pwedeng palitan ang watershed because watershed is a

watershed. Anong nangyari diyan sa Sta. Cruz minina ng apat na mining companies pang lima ang WestChinaMin kasi mayroon silang mining site sa Guinabon. Watershed din po yun, so anong nangyari sa Sta. Cruz? Ngayon yung dalawang libong hektarya wala ng tubig, dalawang barangay na lang ang pwedeng magtanim ngayon at magkaaway pa ang dalawang barangay alam naman nating lahat na ang tubig ay napakahalaga, ang tubig ay buhay, ang bundok natin ay buhay, dagdag pa alam naman natin ang global warming di ba? Anong nangyari sa Itogon? Anong nangyari sa Sta. Cruz noong 2015? Rumagasa ang putik galing sa mining site. Rumagasa ang mga binagoong na kahoy sa mining site. Anong sabi ni Governor Ebdani? Walang kinalaman ang pag mimina. Ano ang sabi ng MGB? Walang kinalaman ang pagmimina. Ano ang sabi ng Local Government? Walang kinalaman ang pagmimina. Paano natin maaasahan ang mga local na opisyaes na hind imaging kasama sa organisasyon ng mga PWD, People with Disabilities. Panay bulag, bingi, manhid pinagtatakpan pa ang mga mining companies. Di ba? Anong maaasahan natin na mga tao? Sa ganyang klaseng nangyayari, kausap ko pa lang si Secretary Cimat noong Martes at hinabol ko siya, Secretary baka naman pwde niyong dalawin ang Sta. Cruz, sabi niya oo, mag-uusap pa tayo, gusto ko yang sinasabi mo. At alam naman natin kung anong sabi ng ating Presidente, ayaw niya na nag pagmimina. Buhay ng tao ang kapalit? Uulitin ko pito ang nasawi sa Sta. Cruz noong 2015, sa Itogon ilan ang nasawi? Sa Diwalwal ilan ang nasawi? Ang dami dami ng namatay dahil sa pag mimina. Maibabalik ba natin ang buhay nila nun? Dagdag pa, paano kami maniniwala sa mga pag-aaral? Nung pinaimbestigahan ng goyerno ang nasirang sa Sta. Cruz, andiyan pa ang UP-NIGS ano naman ang UP-NIGS, ano ang sabi ng mga UP-NIGS, ang pagkasira ng sa Sta. Cruz ay man made activity. Anong aasahan natin sa resulta? Babanggitin ba ng nag-aaral na ang nagbabayad ay ang mining companies? Dapat hindi kasi makakasama ito sa inyong kapaligiran. Ganun din ang MMT sino ang nagbabayad sa MMT Muti-Partite Monitoring Team, mining company din. Pag hindi mo gusto ang kanilang findings sisipain ka sinabi nila sa akin yan. Alam mo ang gustong gawin ng Benguet sa amin, gusto nila kaming bayaran dahil naninindigan kami sa kapaligiran. So dito sa Candelaria, sino ang member ng MMT kung saka-sakali? Si mayor? Si kapitan? Babayaran ng mga mining companies? Dagdag pa nagsimula ang pagmimina sa Sta. Cruz 2008. Alam niyo ang report ng MMT until 2014 nabaon na kami sa putik. Nasa may dagat na ang laterite. Ano ang sabi ng MGB? Kaya itong ang pambansang director, wala daw magagawa ang local na gobyerno kung galing na sa National, kalokohan yun. Magbasa kayo ng local government code anong nakalagay dun? Di ba? Wag niyong sabihin sa tao na wala silang magagawa. Kalokohan yun, panloloko yun...ang dapat magsabi dito ay ang mamamayan. Ipagtangol ang kanilang buhay ang kanilang kinabukasan, aanhin mo ang 5000 trabaho kubng kapalit niyan pagkawala ng tubig, bakit? Matagal ng gingamit yan sa Pilipinas. Lahat ng nickel ay sumusunod sa contour. But these are functional watershed. Pag dumating ang bagyong malalakas. Daluyong, raragasa ang tubig. Ilalagay niyo ang inyong sarili sa kapahamakan?

Atty John Edward Ang: Sa bahagi naman po ng ating Proponent.

Mr. Antonio Marfori: Sasagutin ko lang po si kay Dr. Molino, unang una po doon po sa kanyang sinabing na ang WestChinaMin ay nagmimina. Ang WestChinaMin po...ako po kasi kinausap lang ni

Governor Deloso, na maglinis doon sa mga small scale, mula doon sa Botolan, Iba, hanggang sa Masinloc at hanggang sa Candelaria. So, ginawa nila ako ng kontrata ng paglilinis ng mga dating small scale na iniwanan lang 'yong stockpile at ang aking kontrata sa kanila ay ang rehabilitation. Syempre, kapag i-rehabilitate mo 'yong mga stockpile, ibababa mo dahil 'yon ay bumaba 'yan at 'yon ang nagsasanhi ng kwan...Sa dami nga ng reklamo no'n, ini-stop muna nila at naibaba na ang stockpile. So, ang nangyari ngayon nakatiwangwang ngayon, dahil binawalan nila akong ibaba 'yong stockpile, so gagawa pa raw sila ng guidelines. At pangalawa, ang hirap naman kay Mr. Molino, hindi pa nangyayari, e inuunahan na. Kamukha dito, ikono-connect niya sa may Sta.Cruz, hindi naman Sta. Cruz itong Candelaria. Kaya nga ini-explain ko kanina na 'yong contour strip mining ay wala pa sa Pilipinas, ngayon pa lang natin gagawin. Ito 'yong nakikita mo ni Mr. Molino... kaya po itong planta natin ay may slags, 'yon 'yong slags na soil stabilization para hindi magkaroon ng soil erosion 'yong lupa. Wala pa 'yong planta dito nagco-comment na kayo ng advance. Kailangan tingnan muna natin, kaya nga sabi ko nga, kayo naman na ang mga taga Candelaria ay nakikita kong mga pumapalakpak doon ay mga taga Sta.Cruz, kakaunti lang kayo, itong mga may gusto ng hanap-buhay... At tsaka ang sa akin naman ay to see is to believe. 'Yong mga haka haka lamang, kamukha nito na hindi pa nangyayari, e crini-criticize niyo na. Mabuti, kapag ka gumawa kami ng model dito, kayo mismo ang magbantay, ito 'yong gagawin namin, kayo mismo, ito ba ay tama o mali, kapag ka mali, edi 'wag natin ituloy, kapag ka tama, edi ituloy natin. Kaya nga si Mayor, siya mismo nagsabi na kapag itong plantang ito ay magbibigay ng polusyon na hindi tama sa environment, siya mismo ang mangunguna, ipasasara ang planta. Kaya nga itong plantang ito, kauna-unahan sa Pilipinas, toxic free, zero waste, hindi pa nga ito naitatayo, krini-criticize niyo na. Kaya nga inimbata ko 'yong ating mga scientists, ito 'yong mga experts, para magpaliwanag, nakita niyo naman pinag-aralan nila 'yong hangin, 'yong sa lupa, lahat nandito na, inisa-isa nila para pag-aralan nila kung anong magiging epekto kapag itinayo 'yong planta. At sinasabi ninyo 'yong...nagpo-post na kayo sa facebook na doon nanggagaling sa planta 'yong maruming ano...ito kasing planta, kaya nga zero waste, itong tubig nito ay pabalik balik lang, evaporation, wala itong tubig na tumatapon sa ilog. Itong planta natin walang tubig na iniisip ninyo na pupunta sa dagat, itong planta natin recycle ang tubig nito, 'yong sa cooling system. Kaya hindi ninyo pa naman malalaman kung ano 'yong design ng planta kaya 'wag muna kayo magkumento, tingnan ninyo muna at bigyan ko kayo ng brochure ipaaral ninyo sa inyong mga experts, dahil nandito ako ngayon at lahat ng nagpre-present dito mga experts, experts sa mga kanya kanyang mga pinag-aralan, Mr. Molino. Kaya kailangan tayo dito positive tayo. Kaya ang Pilipinas hindi na umasenso, nakita mo 'yong mga ibang bansa mayayaman, bakit ba itong Australia at lahat ng bansang mayaman, nagmimina pero sa tamang pagmimina, responsible mining. Lahat naman dito sa Candelaria matatalino alam nila ang tama at alam nila ang mali. So makikita nila kung gagawin namin ay mali, sila mismo babawalan kami. Bakit naman hindi pa nga nangyayari, sinasabi ninyo na ganito ang mangyayari, ini-re-relate ninyo sa Sta. Cruz, hindi naman po yata tama 'yon. 'Yong sa Sta. Cruz ay sa Sta Cruz, 'yong sa Candelaria iba naman ito.

Mayor Napoleon Edquid: Gusto ko rin sumagot kay Dr. Molino. Alam mo, dito sa Candelaria, gusto namin ang progreso, 'wag mo na kaming pakialaman, hindi ba mga kababayan? 'Wag mo na

pakialaman ang Candelaria, doon ka na lang sa Sta. Cruz. Humabol ka ng Mayor sa Sta. Cruz, para kapag ikaw ang Mayor, mapaganda mo, mapaayos mo ang bayan ng Sta. Cruz. 'Wag ka na maki-ano pa dito sa Candelaria, hindi namin kailangan ang iyong tulong dito sa Candelaria. Ito ang pangako ko sa inyo mga kababayan, kapag itong planta ay makakasira at makikita natin na hindi siya sumusunod, ako mismo ang mamumuno para ipasara ang planta. Gusto namin dito ang trabaho, Dr. Molino.

Atty John Edward Ang: Lahat ng political comments po ay sophisticated of the records, sorry, Sir. May follow-up po ba kayo?

Dr. Molino: Sasagutin ko lang po 'yong binabanggit. Bakit naman po ayaw namin ng planta? Alam ba ninyo sa buong Zambales, sampung bayan nating sa buong Zambales, may aplikasyon for nickel mining. Ano pa ilalagay ninyo sa planta kundi mga nickel galing sa ibang bayan, galing ng Sta. Cruz, galing ng Masinloc, galing sa Palawig, hindi lang po itong Candelaria. 'Wag po tayong maging parokyal sa pananaw, sa pagtingin. Kasi po, kung ganyan karami, sabihin ko sa inyo, 64 mining application, karamihan d'yan nickel, 28 plus na ang may exploration permit. Sa Sta. Cruz, apat ang kanselado dahil sa kanilang perwisyo. At ang WestChinaMin, naharang po namin 'yan, kasi mayroon silang midnight na nakuhang permiso, nakita po namin 'yon, naharang po namin 'yon, dahil hindi nagtuloy ang WestChinaMin sa Guinabon. So, ang kinatatakutan po namin dito, kapag may planta ka d'yan, kakalubhin ang buong bundok ng Zambales, hindi lang po ito Candelaria, at hindi lang Zambales 'yan. Lahat ng mga probinsya na may nickel deposit ay damay-damay na po 'yan. May nakita na ba kayong isang bayan sa buong Pilipinas na umasenso dahil sa pagmimina? Wala, kahit na isa. Mayroon na bang isang responsible miner sa buong Pilipinas, wala kahit isa. So, paano ninyo kami makukumbinsi, no'ng hindi pa ninyo nasira ang buong Zambales, kapag nagtuloy-tuloy ang Ferro-Nickel Plant na 'yan. Marami pong salamat.

Atty John Edward Ang: Thank you po. Mr. Marfori?

Mr. Antonio Marfori: Alam ninyo po, Mr. Molino, 'yong sinasabi ninyo kung saan manggagaling 'yong nickel, kaya nga po sinabi ho dito, ipinaliwanag ko ng mabuti na magkakaroon tayo ng modelling muna. Itong model na ito ay para ipa-accept sa tao, kung ito bang gagawin namin ay tama. Ngayon, kung ang sinasabi mo na kung ang Sta. Cruz ay ayaw nila magbigay ng ore ay wala po tayong pakialam doon, pabayaan ninyo na lang ang Sta. Cruz. Kung ayaw ninyo, ayaw din namin. Kasi dito ang may gusto lang ang ine-entertain namin. Halimbawa, mayroon gustong magbigay sa atin ng ore galing sa ibang lugar, galing sa Tawi-Tawi o kung saan, edi okay lang. Pero dito supisyente na sa Candelaria 'yong gigilingin ng planta, kaya 'wag na muna ninyo isama 'yong ibang lugar. Dito lang sa Candelaria, sobra sobra na 'yong nickel. Sinabi ko nga sa inyo, dahil kulang naman kayo sa pag-aaral, ito nakikita 'yan sa mga advance country, na itong Pilipinas ay 1.5 billion ang nickel. Ito lang Candelaria, sobra sobra na 'yong nickel ng Candelaria sa itatayo naming planta. Kaya kung sinasabi ninyo na...alam ninyo kailangan n'yan mayroon kayong proweba na... Alam mo ang Candelaria ay napakayamang lugar nito kapag drinill mo po ito, hindi pa lang kami nakakapag-drill ng marami,

kakaunti pa lang, ang aming nadri-drill dito ay 14 million metric tons pa lamang. Pero 'yan, initial pa lang 'yon, kapag pinagtuloy tuloy namin ang drilling d'yan, makikita ninyo na malaki pala ang reserve ng Candelaria. Kaya dito, ang importante dito ay drilling, kaya pinakita ko sa inyo rito kanina 'yong methodology namin, ganito 'yong gagawin namin, hindi 'yan open pit mining. Ikaw kasi salita ka nang salita ng open pit, hindi ito open pit. Kaya magtanong ka sa mga experts, para at least matutunan mo at tsaka 'wag naman ninyong idadamay, ikaw lang may gusto na 'wag umasenso ito. Edi ikaw na lang ang 'wag aasenso, pabayaang mo na ang mga mamamayan ng Candelaria na umasenso.

Atty. John Edward Ang: I think, na-address naman po 'yong concern. Yes, Sir, please. Pangalan po at organization, please.

Pastor Edgardo: Pasensya na kayo, Mayor, kung nandito ang mga taga Sta. Cruz. Shine-share lang po namin 'yong pangit na nangyari sa Sta. Cruz, na ayaw sana namin mangyari sa Candelaria. Ang katotohanan lang po, mga minamahal, napakaganda ng pagmimina. Sabi nga sa iprinisenta kanina, napakaganda po n'yan. Kung pinakinggan po natin 'yong nag-present, wala pong problema sa pagmimina. Pero kung titingnan po natin, ibase po natin sa Philippine Mining Act, kulang pa po 'yong kanilang nakalagay doon. Ang sabi po sa Philippine Mining Act, isa po sa general principle, ang sabi po doon, mining activity shall be done effectively and efficiently safeguards the environment. May dalawang adjectives na ginamit para i-define kung paano natin gagawin ang pagmimina, ang sabi po doon, effectively and efficiently safeguards the environment. So, alam n'yo po, nakakalungkot batas po 'yan, kaya nga po ano ang nangyari sa Sta. Cruz, Zambales? Pati na kayo po dito sa Candelaria, Zambales. Alam n'yo po, 'yong kalsada pong 'yan, hindi po dapat 'yan daanan ng mining trucks, gagawa sila ng kanilang sariling daanan papunta sa kanilang mga pier, pero kayo rin po ay naperwisyo dito. Ang gusto ko pong sabihin, pwede po natin payagan kung marunong na tayong sumunod sa batas. Alam n'yo po, nakakalungkot, sabi kanina, Mayor, gusto n'yo magbigay ng trabaho sa mga taga Candelaria, ang sabi po sa Local Government Code, bibigyan po ang pangkalahatang kagalingan ng mamamayan, hindi lamang po 'yong iba. Ang sabi po sa inyo na mga na-elect bilang mga officials ng Local Government at tsaka National, pangkalahatang kagalingan ng mamamayan, 'yon po 'yong nakalagay doon. Nandito po kami para iparamdam sa inyo na may mga kailangan pa po ang mamamayan ninyo na dapat n'yo rin tingnan. Hindi lamang po 'yong kita kundi 'yong mga naperwisyo ay dapat din po nating makita po 'yan. Alam n'yo po ang ating Government ay mayroon ng project para po dito, sabi nga po kung mayroon tinatawag na...dito sa Candelaria, Zambales; Sta. Cruz at tsaka sa buong Zambales, mayroon pong ginawa ang DENR, ang project po d'yan ay Sustainable Integrated Area Development Program. Ang layunin po nito, ang bundok na 'yan na alam nating nand'yan ang kayamanan, pero sa pagkuha natin nakakaperwisyo naman. Ang ginawa po dito ngayon, nag-create po ang Government na tinatawag na Sustainable Integrated Area Development Management Program, na pakikinabangan natin 'yong bundok na 'yan na hindi tayo nakakaperwisyo sa kapwa natin tao, pakikinabangan natin 'yong bundok na 'yan, 'yong kalikasan na 'yan na sustainable, patuloy. Isipin natin ang ating susunod na henerasyon, hindi lamang

po dapat ngayon. Alam n'yo po, iniisip lang po natin 'yong kagalingan natin ngayon e, hindi na natin naisip na may apo po tayo, may anak po tayo, may mga sumusunod na henerasyon pa sa atin. Ano na lang ang kanilang kahihinatnan kapag ang ating kalikasan ay nasira? Kaya nga po nawa ay pag-isipan po natin maigi ito. Mga taga Candelaria, pag-isipan n'yo po ito. Ang nangyari sa Sta. Cruz nawa 'wag na mangyari sa Candelaria. Maraming salamat po.

Atty. John Edward Ang: Maraming salamat po, Pastor. Mayor? May comment po kayo?

Mayor Napoleon Edquid: Pabalik balik na po tayo d'yan. Inire-relate ninyo sa Sta.Cruz. Bakit natin hindi na muna tingan, ito ang kauna-unahang teknolohiya na hindi makakasira ng kalikasan. Ang ipinapangako ko naman sa inyo mga kababayan ko, kapag ito mamaya nag-operate ay makikita natin nagkakamali siya, ako mismo ang mamumuno sa pagaklas na ipasara ang planta. Hindi tayo magkaka-ano dito kung igigiit ninyo ang Sta. Cruz, iba ito, iba dito sa Candelaria, iba ang sistema. Wala na kayong makikita... 'Yong galing sa Sta. Cruz na ibinabyahe dito sa amin, wala na 'yan. Wala nang alikabok. Hindi tayo matatapos kapag iginigiit ninyo 'yong sistema sa pagmimina sa Sta. Cruz, hindi tayo matatapos sa usapang ito. Nandito ang mga DENR, nandito ang mga MGB, sana ipapahinto nila ito. Kapag iginigiit ninyo ang Sta. Cruz wala na tayong pag-uusapan, hindi tayo matatapos.

Atty. John Edward Ang: Thank you, Mayor. Wait lang po, clarification lang po. Na-raise na po natin 'yong issue regaring sa experiences po sa Sta. Cruz at sini-simulate po natin na baka mangyari dito sa Candelaria. I think that issue is note taken, na-noted na po namin sa EMB, so kahit hindi na po natin ulitin 'yong issue para may ibang pang issue na ma-address at ma-take note po natin. Sayang po kasi 'yong oras na ibinigay po para sa amin para sa Public Hearing na ito. So, sana po 'yong mga susunod na tanong, i-filter out niyo na po ang mga issue tungkol sa experiences sa Sta. Cruz, ma-a-assess naman po ng EMB po 'yan ng maayos. Thank you po. Next question, please.

Mr. Dwine Baustista, (Kilusan para sa Demokrasya): Nandito lang po ako para ipahayag ang damdamin ng mamamayan, ibig sabihin lang lahat ng bagay ay magka-ugnay. Ibig sabihin ang proyekto po dito sa Candelaria ay pagmimina. 'Yong ipinakita po kanina na plan nila ay maganda po, ibig sabihin walang epekto, zero waste, kung anu-ano. Kung tingnan po natin ay parang po langit at paraiso po ang mangyayari sa Candelaria. Nandito po ang taong simbahan, ang sabi niya ay kapag pinakealaman mo ang kalikasan, siguradong may epekto 'yan. Ngunit hindi po ako doon pupunta, ganito lang po 'yong aking gustong sabihin sa mga Candelaria, ang nickel po natin sa Candelaria ay 1.5 billion, ang ibibigay po na employment ay dalawang libo.

Atty. John Edward Ang: Sir, saan po 'yan? Sorry.

Mr. Dwine Baustista, (Kilusan para sa Demokrasya): 'Yong ibibigay na employment po dito ay dalawang libo.

Atty. John Edward Ang: Dito po sa project na prino-proposed nila?

Mr. Dwine Baustista, (Kilusan para sa Demokrasya): Dito, Sir. At tapos po sa Local Government, 67 million in one year, tapos 520 sa National at pagbibigay ng 15,000 na livelihood program. Ang panambitan ko lang po sana, marami tayong engineer, marami po tayong scientist at marami tayong matatalino dito sa bansang Pilipinas, bakit ang yaman ng Pilipinas ay ibibigay natin sa dayuhan? Dapat ang yaman ng Pilipinas ay tayo ang mag may-ari. Kung ito ay mangyayari, sigurado ako, uunlad ang bayan ng Candelaria, hindi lang Candelaria kundi buong Pilipinas. Ang gusto ko lamang mangyari, ang makikinabang ay hindi dayuhan kundi Pilipino, sariling atin. Salamat po ng marami.

Atty. John Edward Ang: Okay, Sir. Well noted po. Thank you po. Next question, please.

Mr. Siboheto Diaz: Kung nababasa ninyo sa social media, isa rin po ako sa nagpro-pro sa responsible mining. Alam po ninyo, sasabihin ko na lang po, ang minahan sa Sta. Cruz ay talang mali. Isa po ako sa mga sumusuporta ng laban sa Sta. Cruz. Ang laban po ay hindi sa Candelaria, ang laban ay nasa Sta. Cruz. Dito sa Candelaria, magbibigay po ng trabaho sa inyo at nangangako naman din po sila na kapag ito'y mali, ititigil. Ako po mismo, gagastusin po namin ang pera namin para ipatigil 'yan, pero kayo hindi po kayo dapat maging magsasaka lang, hindi po kayo dapat maging nabubuhay sa dagat, dahil 'yong mga anak ninyo kailangan makapag-aral at magkaroon ng trabaho. Gusto ba ninyo na ganyan na lang ang buhay ninyo? Sige po, magsalita po kayo ngayon, dahil inimbitahan po kayo ngayon dito para magsalita. Ang laban po natin sa illegal at sa irresponsible mining ay ang Sta. Cruz, hindi po ito sa programa ng Candelaria. Salamat po.

Atty. John Edward Ang: Thank you very much po. Well noted po. Ma'am? Please, pangalan po at organization.

Ms. Norma Hamata: Nakakasakit po 'yong sinabi ni Mayor, kasi parang kapag ibang bayan ka...

Atty. John Edward Ang: Sorry, ano 'yong tanong mo muna?

Ms. Norma Hamata: Ang tanong ko ganito, lahat ng mining, lahat po 'yan ay palaging nagsasabing may MGB... mayroon po lahat, mga geologist, lahat ng mga eksperto, wala naman pong absent sa kanila mag-Public Hearing. They will present a group. Pero ang tanong, ilan ba ang tama sa mining? Ano po bang tama sa mining? At mayroon bang magandang idinulot ang mining? Pangalawa pong tanong ko ganito, according sa inyo, bagong technology po 'yan, wala pang nakapagsubok, dito pa lang sa Candelaria. Now, ang tanong ko, how secure it is? Dahil bagong bago at wala pa, pag-eksperimentuhan ang Candelaria, gaano siya ka-safe? Kasi itong mga taga Candelaria...hindi ako taga Candelaria, pero mahal ko ang Candelaria. Kung ang trabaho po ang palagi ninyong tinitingnan na bino-boast ng inyong company, natural po 'yan magkatrabaho kayo dahil pagkakakitaan nila ang

Candelaria, hindi po ba? 'Yon po ang tanong, ano po ba ang maidudulot ng mining at ang damage na maiiwan for how many years dito sa Candelaria. 'Yong lang po at maraming salamat.

Atty. John Edward Ang: Okay po, thank you. Sagutin muna ni Sir Marfori 'yong pangalawang tanong mo, kung gaano ka-safe 'yong technology na in-adopt considering na first siya dito sa Pilipinas.

Mr. Antonio Marfori: 'Yong pong ipinapaliwanag ko sa inyo na...itong pong ating technology ay safe, kaya po pinapanood sa inyo 'yong video para mas maganda na uulitin ko po sa inyo na ito po ay very safe at sabi ko nga gagawa tayo ng model. Kapag itong model ay hindi nakapasa sa inyo, inayawan ninyo, ihinto natin, 'wag natin ituloy. Kayo mismo ang maghuhusga kung itong gagawin namin ay tama o mali, kasi hindi pa naman tayo magmimina, magkakaroon muna tayo model, 'yong maliit. Para sa gano'n, ang magdedesisyon nito ay kayo rin na mga taga Candelaria hindi ibang mga taga Sta. Cruz, dahil kayo ang maaapektuhan nito hindi sa Sta. Cruz. 'Yong sa Sta. Cruz nangyari na, wala na tayong magagawa doon at hindi naman kami involve doon. Ito po ang paliwanag ko, paki-play na lang 'yong video. Ito po 'yong bundok ng Candelaria, sa Candelaria po ito hindi Sta. Cruz, kalbo po itong bundok dahil ito ay mineralize, mayroon nickel, dito po natin itatayo ang planta. 'Yan po 'yong nangyari sa Sta. Cruz na ipaulit ulit ko sa inyo. Ito 'yong open pit mining. Ang WestChinaMin po ay hindi po gagawa ng open pit mining. We are not open pit mining, ang amin po ang pangalan n'yan ay contour strip mining methodology. Ito po no'ng iprinesent ko 'yan kay President Duterte, kasama ko 'yong environmental scientist na taga Australia, globally accredited, kaya po naniwala sa'tin si Presidente, na ito ay bago at hindi open pit. Tingnan n'yo po, ito po, ang contour ay 30°, tingnan n'yo po 'yong rice terraces. 'Yong rice terraces, 'yan po 'yong ibig sabihin ng contour strip mining, hindi siya inuumpisahan doon sa taas, binubungkal doon sa taas kaya kapag umulan bumababa 'yong tubig, dito para s'yang hagdanan, pero ito ay lalagyan pa po natin 'yan ng settling pond para doon mapupunta 'yong drainage ng tubig. Ito po 'yong sinasabi ko para doon po sa nagsasabi na ito ay kamukha ng Sta. Cruz, malayong malayo po, sapagkat 'yong ating planta mayroon po s'yang slags, pagkatapos makuha 'yong metal, mayroon siyang 45% na slags at ang kulay niya ay parehas na parehas. Ito po 'yong kulay ng slags, kung nakikita ninyo 'yong machine na 'yon, para 'yan hindi mag-erode 'yong lupa, para wala tayonh erosion. 'Yan po 'yong finish na mangyayari, so 'yong ating bundok hindi 'yan magkakaroon ng erosion kasi mayroon siyang slags na wala doon sa unang nagmina, kasi wala silang planta. Ang gusto ni President Duterte, hindi kita pagmiminahin kung wala kang planta, kailangan i-pro-process na rin dito sa Pilipinas ang ating raw material at hindi na dadalhin sa ibang bansa. So 'yan po, sa inyong mga katanungan na ito pong Candelaria ay hindi kamukha ng Sta. Cruz. 'Yan po 'yong kasagutan doon sa inyong tanong, na 'yan ay mangyayari kamukha doon sa Sta. Cruz, malayo pong mangyari sa Candelaria 'yan. Salamat po.

Fr. Roque Villanueva: May dalawang concerns lang ako. Una, ano ba ang sakop no'ng 100...kung gaanong kalaking hectares no'n? Mula Uacon ba 'yan hanggang Pinagrealan?

Mr. Antonio Marfori: Tungkol po doon sa model na sinasabi n'yo, ang papipiliin po ng maggagawa ng model ay ang DENR, sila po ang magsasabi sa akin kung saan nila gusto na gagawa tayo ng model na first 100 hectares. 'Yong nakikita ninyong marking, i-dri-drilling muna na natin 'yan, para makita natin kung na saan ang ore body ng nickel. Pagkatapos, titingan natin 'yong contour at tsaka gagawan natin siya ng mga 3x5 meters 'yong design. Pagkatapos po, Father, after that 'yong simultaneously na 'yon, i-re-rehabilitate po natin. Tataniman po ng adaptable sa soil. Ipapa-test natin 'yong soil kung adaptable ba sa mangga, kung kamoteng kahoy, edi kamoteng kahoy. So, ngayon mayroon siyang drainage, pagkatapos po doon sa drainage pupunta po siya sa settling pond. 'yong settling pond na po na 'yon ay mayroon po s'yang spillway kung tawagin, para hindi siya...kapag napuno na 'yong tubig lilipat naman siya sa kabilang settling pond tapos sa susunod na ulit na settling pond. So, ito lahat mayroon po itong filter cloth, ibig sabihin po no'n na-fi-filter, naiiwan dito 'yong tubig kaya ang tubig po ay lumilinis, pero puro mga bato 'yong mga naka-line up po. Pagkatapos po no'n, 'yong pangatlong settling pond, malinis linis na po 'yong tubig bago po natin papuntahin sa creek. Kaya po no'ng tinanong ako ni Presidente, sabi niya you have to treat the water before going to the creek, 'yong po 'yong pinaliwanag ko kay Mr. Presidente. Tapos po 'yong tubig na 'yan, para mabuhay ang ating mga punong kahoy, dahil naka-watery fountain po siya. 'yon po 'yong ipangdidilig natin sa mga halaman, dahil po kasing mahirap po kasing iakyat 'yong tubig. Salmat po.

Fr. Roque Villanueva: So, ibig sabihin po depende sa desisyon ng DENR, gano'n ho ba 'yon?

Mr. Antonio Marfori: Opo, gano'n po 'yon.

Fr. Roque Villanueva: Salamat po. Pangalawa po, may suggestion lang po, Mayor. Pareho tayong nagmamahal sa Candelaria, may posibilidad po ba, kasi mayroon pong National Office ang simbahan para sa ganitong mga concerns, pwede ho kayang maimbitahan sila para makakita na...it could be in favor or it could be na other options para sa mga taga Candelaria. Si Fr. Edu Gariguez, siya po 'yong head ng National Association ng social activities. Baka pwedeng magsalita sa inyo at tingnan 'yong other scientific studies as regarding this kind of mining, suggestion lang po 'yon, hindi naman po kailangan sagutin. Baka pwedeng bigyan ninyo ng panahon na makapagsalita at pag-aralan ng mas malawak itong mining. So, wala pong sagot doon, suggestion po 'yong pangalawa. Maraming salamat po, God bless you.

Atty. John Edward Ang: Salamat po. Sir, in-acknowledge ko po 'yong presence ninyo pero si Ma'am po muna. Ma'am? Name and organization po.

Sister Marian: Unang tanong po, bakit po ba talaga kailangan magmina? Kailangan po ba talaga ang pagmina? Ang sabi niyo po kanina, trabaho, progreso – given. Tapos, binanggit ninyo kanina ang sabi mayaman ang Candelaria. Kung mayaman po ang Candelaria, pagmimina lang po ba ang pwedeng maging susi at magbukas ng daan sa progreso?

Atty. John Edward Ang: Ma'am, sorry. 'Yong first question ia-accommodate po namin, 'yong second question medyo broad po 'yong topic, more on economic aspect na po kasi 'yon.

Mayor Napoleon Edquid: Ako na po ang sasagot. Alam niyo po, Sister, marami rin ano...pero ito ang nakikita namin na magiging progresibo talaga ang Candelaria. Pero marami po tayong mga livelihood na ipinapatupad na mga project ngayon na magaangat ng ating kababayan at pamahalaan. Bakit hindi po natin subukan na hindi naman pala makakasira ng kalikasan. Ang ipinapangako ko po, kapag ito ang nangyari na ito pala ay nakakasira ng kalikasan, sinasabi ko sa inyo, paulit ulit, kahit kanyon ay susugurin ko, haharapin ko, ako ang mamumuno para ipatigil ang proyektong ito. Paulit ulit po tayo d'yan hindi tayo matatapos.

Atty. John Edward Ang: Padaanin ko lang po muna 'yong tanong dito na inabot ni Ma'am, siguro sagutin ko na rin po since ako naman po ay taga EMB. Unang tanong niya ay, how to ensure that the company are complying with ECC? Ganito po 'yan, mga kaibigan. Periodically, kung ma-grant na 'yong ECC nila, kung ma-grant man 'yon mayroon po silang sina-submit na periodic monitoring report, 'yon po yong Compliance Monitoring Report. Nakalagay po doon base sa ECC kung na mee-meet nila 'yong prinescribe na conditions sa kanila. Ngayon po, paano ma-e-ensure 'yong compliance po nila, doon po papasok 'yong role po ng Multipartite Monitoring Team sa pamamagitan po ng submission nila compliance monitoring validation report. So, kung ibabangga po 'yong compliance monitoring report ng company doon sa compliance monitoring validation report ni MMT, kung nagtutugma ba o hindi. Ngayon, kung hindi nagtutugma 'yong submissions no'ng dalawa, tsaka magkakaroon ng site inspection si EMB para i-evaluate kung may violation ba o wala. Ngayon, may mga NGO po ba o citizens na isinasama doon sa pag-conduct ng site inspection? Meron po, 'yan ay sa pamamagitan ng Multipartite Monitoring Team na binubuo ng mga iba ibang representatives, mayroon po tayo sa Local Government, mayroon po tayo mga NGO na kasama rin po d'yan and at the same time may mga Government agencies. Sa ngayon, 2017-15 may in-adopt po silang mechanism na wala na po ang EMB, pero based doon sa memorandum circular ng MGB at ng EMB, in so far as Mining project are concern, kasama po ang EMB sa validation po na 'yan. Ngayon, gaano kahaba 'yong validity ng ECC? Ngayon po, ganito po 'yong sa ECC na expiration, kung sa loob ng limang taon hindi sila nakapag-operate, ma-e-expire po ang ECC nila, pero kapag nakapagsimula na po sila ng operation within a period of five years, magiging valid ang ECC hanggang mag last 'yong kanilang volume na kanilang i-a-acquire. Sa kaso ho nila, ang kanilang hong ina-apply na volume, 'yong threshold po no'ng project nila, halimbawa 10,000 metric tons, kapag 'yon ay mauubos na, mag-a-apply po sila ng panibago. Gaya nga ine-explain ni Engr. Arida kanina, uulit po sila sa step 1 para sa amendment ng ECC nila for expansion naman po 'yon.

Ngayon, there is any checklist sign by both parties? Opo, 'yon po 'yong ECC, 'yong po planning tool po natin, doon po nakasaad 'yong mga conditions na kailangan po nilang gawin at 'yon din po 'yong magiging basehan ng Multipartite Monitoring Team para po suriin kung nagco-comply ba 'yong kompanya. Ngayon, 'yong pag-pro-provide po ng checklist, nandoon naman po 'yon, bibigyan naman

po ang MMT ng kopya para po ma-assess po nila kung may violation o wala. Sana po nasagot ko po 'yong ma tanong. Okay po next question.

Ms. Lolita Jimenez: Nais ko lang pong ipaabot ang pangamba ng aking mga ka-barangay at gano'n din po ako. Nangangamba po kami sa maaaring mangyari dahil minsan na pong binungkal ang kabundukan ng Uacon. Bakit po sa napakaikling panahon na pagmimina nila doon, hindi nila inayos, nagkaroon sana kami ng tiwala sa kanila. Paano po namin maibabalik ang tiwala kung sa maikling panahon ng pagmimina nila sa tapat ng Uacon ay hindi nila inayos. Nakasaad sa Philippine Mining Act na dapat inaayos ang mga tinanggal nila, ni-re-rehabilitate nila, subalit hanggang ngayon po nakatiwangwang pa rin sila. At sino po ba kami para tumanggi sa progresong ipinapangako ninyo? Napakaganda po at magiging progressive ang Candelaria. At naniniwala rin po ako sa sinasabi ni Mayor na kung sakaling mali na ang ginagawa ninyo, ipapatigil niya ang minahan. Subalit, paano po kung hindi na si Mayor mamaya ang Mayor? Paano na kaming mga taga Candelaria? How can you assure na mapro-protektahan niyo kami laban d'yan sa pagkasira ng kalikasan?

Atty. John Edward Ang: Okay po, Ma'am. Noted po ang inyong objection. Nasagot ko na po 'yan ng mga representatives natin from LGU and from the company itself. Well noted po, Ma'am. Salamat po sa tanong po ninyo. Next question, please.

Ms. Lolita Jimenez: Hindi, Sir. Ang sinasabi ninyo na ang kabundukan ng Candelaria ay sapat na upang sumuporta sa progama ng Ferro-Nickel Plant, edi samakatuwid, ang Candelaria ay bubungkalin ninyo para sumuporta sa Ferro-Nickel Plant na 'yan. Paano na mamaya na mali na nga ang ginagawa at nangyayari sa pagmimina na 'yan at wala na nga si Mayor, sino na ang proprotekta sa bayan ng Candelaria? Nais lamang po namin ng kasiguraduhan.

Mayor Napoleon Edquid: Tungkol doon sa Uacon, alam ninyo, ako mismo ang huling nag-ano d'yan ay sila Danny Yap, inakyat ko sila doon sa taas, minura mura ko sila doon kasi pati 'yong mga tinamin namin na mga kahoy ay pinagbubungkal nila pero wala akong nagawa, bakit? Dahil malakas sila sa probinsyal. Pero ngayon po ang mangyayari ay aayusin po natin 'to.

Ms. Lolita Jimenez: Sana maasahan ka namin 'yan, Mayor, kasi kawawa ang aming barangay. Mayayakap kami ng katubigan, maanod kami ng baha.

Mayor Napoleon Edquid: Umasa ka, at walang akong gagawin para maiangat ang inyong kabuhayan; makatulong. Nakita ko kasi na nahuhuli na ang bayan ng Candelaria, siguro naman ngayon nakikita ninyo na maski papano umaasenso na ang bayan ng Candelaria.

Ms. Laura Recupero (Farmer): Kami po 'yong kauna-unahang napinsa ng Nickel. Hindi ko alam kung sinong mga Mining Company ang dapat managot sa amin. Ang aming lupa ay nasa tapat lang ng bundok ni Governor, oras po na bumaha, bababa ang tubig sa bukid na namin pupunta. Kaya paano

naman po kaya ang mangyayari sa aming mga magsasaka? Sa katunayan po 'yong aming dalawang hektarya hindi na namin nabubungkal ng dalawan taon, kaya gusto po namin malaman kung saan po namin idadaing, kung ganoon po ang mangyari sa aming bukirin.

Atty. John Edward Ang: Mr. Marfori, mayroon po kaya kayong mga programa regarding doon sa mga run-off water mula doon sa upland, doon sa mga tatamaan na mga farm lands kapag ka bumaha?

Mr. Antonio Marfori: Ito po kasing sa amin ay bago pa laman po at uumpisahan pa lamang. Ngayon, mayroon po kaming kung tawagin namin ay SDMP – Social Development Plan. So 'yan pong SDMP ay 'yan po ay ang pagtulong sa mga barangay, kung may kailangan ng tulong ay ibinibigay po ng kumpanya. Pero ngayon po, kailangan siguro ay humingi ng tulong sa Local Government para maaskyusnan ang naging problema ng farmers sa inyong lugar.

Ms. Laura Recupero (Farmer): Gusto ko po sanang tanungin si Mayor. Kasi po ito ay nangyari noong pong 2015 ng bagyo. Nasagasaan po ang bukid namin, hanggang ngayon ay hindi na namin nasaka. Kaya kung magpapatuloy po kayo ng mina d'yan sa Uacon, dadaan at dadaan pa rin ang bukid namin. Kasi oras na bumaba ang bukid, d'ya po sa tulay mismo, bababa ang tubig kami po ang masasagasaan.

Mayor Napoleon Edquid: 'Yan po ang maipapangako ko sa inyo na ipapaayos ko 'yan.

Mr. Bob Yanlaw: Nandito po ako ngayong hapon para sabihin po ang aming mga sentimento sa ibang mga bayan. Gusto ko pong ipaabot kay Mayor na ang bayan ng Masinloc under the administration of Mayor Arsenia Lim, nagpasa po ng resolution ang Sangguniang Bayan sa aming Bayan na hindi po kami pumapayag na magkaroon ng open pit or surface mining sa aming bayan. Kung dito po sa bayan ng Candelaria ay magkakaroon po ng Ferro-Nickel Plant, magkakaroon po ng hindi magandang relasyon ang dalawang bayan natin. Ngayon, mayroon pong mga kababayan natin na nagsasaad ng kanilang pago-oppose o hindi pagsang-ayon dito sa programa o proyekto na iprinopropose ng kumpanya ni Mr. Antonio Marfori. Gusto ko lang po sanang mag-suggest, kasi nagkaroon po ng ganitong sitwasyon din ang bayan ng Masinloc noong unang una ipinaki-usap ng Gobyerno na maipatayo ang power plant sa Barangay Bani. May mga taga Candelaria rin sumama roon sa bayan ng Masinloc na tumututol sa pagpatayo ng planta sa bayan ng Masinloc. Ano po ang na-experience ng bayan ng Masinloc? Nag-isip po ng paraan ang Gobyerno para mabuksan ang isip ng mga kababayan natin nandoon, ano po ang ginawa? Nagyaya po ang NAPOCOR, ang unang may-ari ng power plant d'yan sa Bani ng mga taong umo-oppose, tumutuligsa sa programa na magsipag puntahan doon sa Calaca, Batangas, na kung saan mayroon na dating power plant. Ganoon nga ang nangyari, nagdala po ng tatlong bus victory ang dinala. Ngayon po, ganito, ang suggestion ko dito kay Sir Marfori, ang sabi niyo po mayroon po kayong 100 hectares na model na uunahin niyong miminahin, bakit hindi niyo po gawin na magpadala po kayo ng mga hindi sumasang-ayon sa

programa ninyo doon sa China, dahil may dalawang planta kayo sa China. Doon, to see is to believe. Makikita ng mga kababayan ng mga kababayan namin doon sa China kung anong operation ang existing Ferro-Nickel Plant, dahil may dalawang planta po doon, pangatlo ito. Kahit hindi ganoon karami ang maipadala ninyo sa China, para makita nila, to see is to believe sabi po ninyo. May 100 hectares kayong prino-propose na unahing minahin, bakit hindi na lang po kayo magdala doon sa China?

Mr. Antonio Marfori: Ang China po ay planta hindi po sila nagmimina. Ang ipinapaliwanag ko po na 100 hectares ay dito 'yan sa atin. Itong contour strip mining ay gagawin pa lamang wala pa 'to sa Pilipinas.

Mr. Bob Yanlaw: Ganito po, Mr. Marfori, ang contour strip mining ay mayroon ng previos or existing operation sa Australia, 'yon ang sinasabi ninyo po, hindi po ba? Bakit hindi po natin ipakita sa mga kababayan namin? Hindi naman poi to lahat, sabihin na lang natin mga sampu o labing limang taga rito at magyaya kayo ng mga taga ibang bayan na tumutuligsa o umaayaw sa inyong iprino-propose na operation dito, para makita nila kung papaano ba ang ginagawang actual d'yan sa contour strip mining, baka sakaling mapapayag natin sila.

Mr. Antonio Marfori: Alam niyo po, kayo lang po ang hindi pumapayag. Kaya dito po, pinag-aralan po ng mga experts at ng DENR. Ngayon gusto ko makita ninyong actual na ginagawa at ipa-stop ninyo kung mali. Alam ko 'yang nasa isip ninyo e, maga-abroad pa, gagastos pa. Kung dito na lang natin gawin?

Mr. Bob Yanlaw: May kasunod po akong tanong, Mr. Marfori. Kailan niyo po ipapatayo ang planta at kailan niyo po gagawin ang 100 hectares model mining operation?

Mr. Antonio Marfori: Kinokompleto po natin 'yong permits.

Mr. Bob Yanlaw: Ang ibig sabihin, ang sequel po, mauuna po ba ang 100 hectares na model ninyo? O simultaneous na ipapatayo ang Ferro-Nikel plant niyo?

Mr. Antonio Marfori: Ang gagawin po natin d'yan, tatanungin natin ang DENR kung ano ang gusto nilang mauna na makita nila. Syempre ang planta, matagal pa 'yan, ang paggawa ng planta ang pinakamabilis n'yan ay one year. Ngayon, syempre habang ginagawa ang planta kailangan prini-prepare na kung ano ang isusubo sa planta. Kaya gagawa muna ng model at titingnan kung ito ba'y pasado, ito ba'y ayon sa environment? Kapag hindi ayon sa environment edi itigil. Kaya malakas ang loob namin na ito'y katanggap tanggap kasi nga ginagawa na ito sa ibang bansa.

Mr. Jaime Bulaw (Bantay Dagat): Ang concern ko po dito, Sir. Ang malakati po ay apat na barangay ang nasasakupan nito na mayroon pong kabuuang 1,447 hectares. Ayon po sa DENR-CENRO

Masinloc, ang size ng ating ilalagay d'yan sa tapat po ng Barangay Malabon ay nasasakupan po ng planta ang 700 hectares ng malakati. Ang malakati po ay ang community forest management agreement program. Noong 1998 nailunsad po ito. Sa loob po ng ilang taon at sa kasalakuyan, ang DENR po may project pong reforestation, strategical training program. Kung ang planta ay ilalagay po natin d'yan sa site na 'yan, ang nakikita ko po dito, kami mismong malakati leaders and officers ang s'yang katuwang o gwardya na magiging kami ang magiging balanse d'yan. Sapagkat kontra po ako, kapag ang ating kalikasan ay mapwepwerwisyo na magkakaroon ng epekto sa maraming tao. Sa kalasalukuyan, Sir, bilang boluntaryo na nakiki-ayon sa pangangalaga ng kalikasan, ay ilang taon na po tayong nagboboluntaryo na wala po tayong tinitingnan na motibo. Ang tanging layunin ko ang mapangalagaan ang kalikasan. So, sa ganito pong konsultasyon, nagpapasalamat po ako sapagkat higit na naliliwanagan ang aking kaisipan tungkol sa aking misyon sa mga hinaharap lalong lalo na sa ating mga anak anakan. Bilang ama ng pamilya nangangarap po ako ng isang magandang kinabukasan sa aking mga anak. Sa pangarap na 'yan, ang nakikita ko po dito, isang magandang pangitain na mabubuksang oportunidad na sa palagay ko ang pangarap na 'yan ay matutupad. So, sa madaling sabi po, pinapangarap ng iyong abang lingkod na sikapin po natin na ang plant na ito ay isang maayos at maganda ang takbo, tulad na naipangako ni Mayor na siya mismo ang mangunguna oras na magkaroon na epekto. Pero mga kababayan ko, hindi ho maiiwasan sa pagbubukas pa lamang ng plantang iyan, mararanasan na po natin ang epekto sapagkat infrastructure ang kanilang gagawin. Nangangahulugan pong ang mga epekto ng infrastructure ay mararamdaman kaagad, pero kung atin pong buksan ang ating mga kaisipan, oportunidad poi to sa bayan ng Candelaria, sapagkat naniniwala po akong nasa pagitan po tayo ng dalawang bayan na maunlad, ang Sta. Cruz at ang Masinloc, ang Candelaria ay nahuhuli. Ngayon, ito na po ang oportunidad, para mabuksan itong plantang ito, marahil ito ang susi para mapaunlad natin ang bayan ng Candelaria at tulad ng isang pangarap ng ama para sa kanilang mga anak. Maraming salamat po.

Mr. Adan Ebuén: Hindi po ito tanong, kundi ito ay isang suggestion para sa pagpapatakbo o pagpatuloy ng Mining Industry dito sa Candelaria. Ang suggestion ko ay ito, bakit hindi po kayo magtayo ng isang committee o supreme council o authority, para mabigyan ng regulasyon ang pagpapatakbo nitong Mining Industry. Importante po dito na maisali ang mga malalaking oposisyon na kagaya ni Dr. Molino, halimbawa, at iba pang mga taong na may integrity. Para mabigyan naman ng fairness, dahil kung pababayaan na lang natin na kayo lang ang magpapatakbo ay may batayan po ang mga nagsasabi ng mga oposisyon na walang siguradong kagandahan ang mangyayaring ito.

Atty. John Edward Ang: Sagutin ko lang po 'yong katanungan doon sa pagtayo ng isang grupo. Mayroon po tayong official mining board, regulatory board po, isa po 'yong sa namamahala sa lahat na nandito sa Zambales. Next po.

Ms. Zaida Ebilane: Ang gusto ko lang po ay magkaroon po ang mga parents ng livelihood para po may dagdag income po kami. 'Yon lang po.

Mr. Antonio Marfori: 'Yong pong sinasabi ninyong livelihood, kasi po ang ating planta ay may produkto po na slags, 'yong slags na 'yan tamang tama 'yan sa paggawa ng roof tiles, floor tiles at tsaka wall. Ngayon po, 'yong mga ka-partner natin sa China, bibigyan tayo ng molde ng roof tiles at kung paano natin gagawin. 'Yon po 'yong livelihood, 'yan po ang aming tugon sa social development o SDMP. Ang unang makikinabang n'yan ay syempre ito pong bayan ng Candelaria, unang una 'yong host barangay na malapit sa area, pero lahat ng barangay ng Candelaria ay magkakaroon ng livelihood.

Ms. Anna Mayambiyal: Mayroon lang po akong gustong itanong, Sir. 'Yong pong about sa water recycle. Kasi po Sir, lumaki po kami na ang tubig lamang po namin ay nanggagaling sa balon, why kailangan pa po nating i-recycle ang tubig kung alam naman po nating malinis at wala po tayong hinahalong chemicals? Ang isa pa po, Sir, sabi niyo po malaki ang pondo ng water na ibibigay po sa bayan ng Candelaria, hanggang ilang taon naman po kaya 'yon at kung walang babayaran ang bawat isa? Hanggang ilan taon po kaya na magiging libre 'yon at kung paano po ang proseso ng para maging libre 'yon sa taon bayan? At 'yong planta lang po ba ang alternative para kumita ang bayan ng Candelaria?

Mayor Napoleon Edquid: Isa sa nakita namin na malaking tulong para magkaroon ng mga trabaho ang ating kababayan at umasenso ang ating bayan dahil iyan po ang makapagbibigay ng malaking tulong sa ating bayan.

Ms. Anna Mayambiyal: So, wala na pong alternatibong paraan po makahanap po ng ibang paraan?

Mayor Napoleon Edquid: Bakit naman hindi natin tatanggapin ito? Hindi naman makakasira sa kalikasan? Ang sinasabi ko nga kapag ito ay nag-operate at nakikita natin na hindi sila sumusunod sa mga requirements, ako mismo ang mamumuno para ipasara ang operasyon.

Ms. Anna Mayambiyal: Okay po, Mayor. Pero halimbawa po, nakita po natin na hindi maganda ang idudulot nito sa palagay niyo po gaano po kaya kadali sila pahintuin kung nagbigay na po sila ng malaking puhunan?

Mayor Napoleon Edquid: Wala na tayong pakialam doon kasi iyon po ang pangako ko kay President Duterte, hindi tayo pababayaan ng ating Presidente.

Ms. Anna Mayambiyal: Kawawa naman po ang bayan ng Candelaria

Mayor Napoleon Edquid: Hindi naman po. Kasi ang nakikita ko, marami sa atin mga anti-Duterte. Kung hindi naging Presidente si Pangulong Duterte, alam ba naman natin na dito sa Candelaria ay may mga... Kung hindi siya ang Presidente na saan na kaya tayo ngayon? Nasa sa atin ang problema. Kahit ganoon ang programa niya, sinasaludo ko ang aking Presidente.

Ms. Anna Mayambiyal: Not all naman po ay anti-Duterte. Alam po natin na madami po siyang naitulong, isa na doon ay ang drug war. Ang point lang po dito ay ang Nickel o mining po na itatayo po doon sa bayan ng Candelaria. 'Yon lang po ang pinaka-concern lang po, Sir.

Mayor Napoleon Edquid: Kaya nga. Hindi nakakasira ng kalikasan, no waste, walang masamang maidudulot.

Ms. Anna Mayambiyal: Sana nga lang po. Kasi, Mayor, sa ibang lugar po, nakita naman po natin, before sa umpisa walang masamang naidulot but after how many years, tingnan niyo po 'yong mga nangyari, walang magandang naidulot, bagkos maraming nasira at maraming nasawing tao. Salamat po.

Atty. John Edward Ang: Well noted na po 'yong mga concerns ninyo. Isasama po namin 'yan sa review process. Next po 'yong nasa likod. Pangalan po, please.

Mr. Andrew Eballo: Sabi raw nila sa isang kasabihan, knowledge is power. Pero mayroon din pong kasabihan, ang karunungan ay walang kabuluhan kung wala tayong pag-babago sa ating isipan. So, alin po ang tama sa dalawan na 'yon? Ngayon, ang gusto ko lang po sanang i-share sa inyo, na ang Candelaria, ang rice production of Candelaria po, according to policy ng Bicol Agriculture, tamang tama lang na ma-sustain ang production para sa population ng Candelaria. Ngayon, ano po ba 'yong tinatawag na rice production, ito po ay kailangan tayong kumita? Dapat. Dahil sa pagtatanim natin naglalagay tayo ng inputs. Ngayon itong pong sistema natin sa farming, dito sa Candelaria, most particularly, ang nag-fa-farm po dito ay 'yong one-hectare lang, 'yong iba po one kabalitan lang. Ang produce po ng 1-hectare sa Candelaria, pinakamataas na 'yong 110, hindi po commercial price 'yan, hindi po commercial airport 'yan. Doon sa Vietnam napagtanungan ko kung ilang hectare kung ilang kaban per hectare, alam niyo po ang production nila, 300 kaban per hectare. Magtanong tayo sa Bulacan, ang production nila is 200 to 220 kaban per hectare. So compare po sa Candelaria, ano na po ang magiging kalagayan ng magsasaka dito? Ano ba ang magiging alternatibo namin dito? Pagkain? Bigas? Isda? No! Kailangan po namin ng employment dito. Natutuwa ako dahil sa nandirito ang isang investor para mabago ang ating pananaw sa pag-unlad. Gusto ko lang din pong ipaalam sa inyo dahil sa Ferro-Nickel na ito ay ipagpatuloy ang processing at hindi lang sa processing ng Ferro-Nickel kundi gusto ko rin po sa bayan na ito, magtayo ng metal production mismo. 'Yon lang po.

Atty. John Edward Ang: Thank you, Sir. Well noted po. 'Yong nasa likod po, pangalan po please.

Mr. Danilo Leonel: Tanong ko lang po kung ano na po ang status ng inyong Mining Permit sa aming barangay, sa Guinabon, Sta.Cruz po. Kasi ang area po ninyo ay sakop po ng aming watershed, doon po nanggagaling ang aming patubig sa Barangay Guinabon. Ilang hektarya po ang nakikibang doon sa tubig na dumadaloy sa ilog na 'yon po. Kaya gusto ko pong malaman kung ano na po ang status ng inyong permit doon sa Guinabon.

Mr. Antonio Marfori: Si Governor Deloso, pag-upong pag-upo niya na Gobernador, nagkaroon siya ng memorandum. Lahat ng mining hinto muna, so ngayon, 'yong Guinabon naging sakop kaya itinuloy na namin 'yan dito sa planta ng Candelaria sapagkat hindi siya pwedeng magmina, utos ni Presidente, kung walang planta. Kaya 'yong apat na minahan na malalaki na malapit sa Guinabon, hinto rin. Kaya kami, hinto rin kami sa pagmina kasi nga 'yong memorandum na ginawa ni Governor, wala munang mina. So, no'ng nag-usap kami ni Governor, kapag may planta saka palang tayo nagmimina.

Mr. Danilo Leonel: Kasi po, kami ang unang apektado doon sa river, doon po mismo sa area ninyo, na pinaggagaling po ng aming patubig.

